ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2017

Liahona



Ang Pagiging Banal sa mga Huling Araw ay Pagiging Isang Pioneer, mga pahina 24, 30, 56, 64

6 na Alituntuning Tutulong sa Atin na Maging mga Gurong Nagliligtas ng mga Kaluluwa, p. 8

Kampo ng Sion: Mga Aral tungkol sa Pagkatuto at Pagsunod sa mga Kapatid, p. 14

Ang Natutuhan Ko tungkol sa mga Pagsubok ng Pagiging Magulang, p. 34

Tinipon sa ilalim ng bandilang "Mga Pioneer ng 1847," nagtipon ang kalalakihan at kababaihang pumasok sa Salt Lake Valley noong 1847 para ipagdiwang ang ika-24 ng Hulyo noong 1905.

Larawang kuha sa kagandahang-loob ng Church History Library

Liahona, Hulyo 2017

MGA MENSAHE

4 **Mensahe ng Unang Panguluhan: Ang Gantimpala ng Pagtitiis na Mabuti**
Ni Pangulong Henry B. Eyring

7 **Mensahe sa Visiting Teaching: Upang Sila'y Maging Isa**

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

12 **Ang Tunay na Himala**
Ni Don L. Searle
Ang paggaling ni Paola ay isang himala, ngunit mas malaking himala ang paraan ng Tagapagligtas na nagpabago sa puso ng kanyang mga kapamilya.

14 **Sa Panig ng Panginoon: Mga Aral mula sa Kampo ng Sion**
Ni Elder David A. Bednar
Mahahalagang aral mula sa grupong ito na naglakbay nang 1,450 kilometro upang tulungan ang mga kapwa nila Banal.

24 **Pagkatutong Makinig: Ang mga Unang Branch sa South Africa na Magkakasama ang Iba't Ibang Lahi**
Nina Matt McBride at James Goldberg
Noong panahon ng apartheid, natutong magmahalan ang mga Banal na ito nang simulan nilang pakinggan, unawain, at isama ang bawat isa.

28 **Pagpapagaling sa Pinakamamahal na Bansa: Ang Pananampalataya ni Julia Mavimbela**
Ni Matthew K. Heiss
Sa kabila ng trahedya sa kanyang buhay, nakasumpong ng kapayapaan si Julia Mavimbela kalaunan.

30 **Desideria Yáñez: Isang Pioneer sa Kababaihan**
Ni Clinton D. Christensen
Sa pagsunod sa mga pangarap at impresyon, natagpuan ni Desideria Yáñez ang kanyang pinakamahalagang pag-aari.

34 **Pagpapalaki sa Aming Anak na Katuwang ang Diyos**
Ni Kami Crookston
Ang pag-aalaga sa aking anak na may matinding ADHD ay parang isang walang-katapusang pagsubok. Ano ang dapat kong matutuhan dito?

MGA BAHAGI

8 **Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas: Isang Guro na Tumutulong na Magligtas ng mga Kaluluwa**
Ni Brian Hansbrow

38 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Murilo Vicente Leite Ribeiro**

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Sila na Nasa Huling Bagon**
Ni J. Reuben Clark Jr.

SA PABALAT
Larawan ng isang pamilyang pioneer sa Bolivia ni Leslie Nilsson.

MGA YOUNG ADULT

44 Ang Tanging Bagay na Nagligtas sa Akin
Ni Shuho Takayama ayon sa pagkakuwento kay Ana-Lisa Clark Mullen
Nalulungkot ako at nalulumbay. Makakakita kaya ako ng mga tunay na kaibigan?

48 Pagganap sa Pinakamahalagang Papel
Ni Annie McCormick Bonner
Tuwang-tuwa akong maging bida sa dula—hanggang sa mabasa ko ang iskrip.

MGA KABATAAN

50 Matatag Buong Linggo
Ano ang kahulugan sa inyo ng sakramento?

54 Mga Sagot mula sa mga Pinuno ng Simbahan: Paano Magkaroon ng Patotoo
Ni Elder Dallin H. Oaks

55 Tuwirang Sagot
Paano humatol nang matwid? Kausapin ang bishop ko tungkol sa pornograpiya?

56 Ang Paglalakbay Ninyo Bilang Pioneer—Totohanan, Hindi Kunwari-kunwarian
Ni Aaron L. West
Ang mga pioneer sa ngayon ay sumusunod kay Jesucristo.

60 Isang Awitin para kay Manon
Ni Richard M. Romney
Malubha ang karamdaman ni Manon para gumanap, pero hindi siya nalimutan ng kanyang mga kaibigan.

63 Poster: Patuloy na Sumulong

MGA BATA

64 Ang Daan Patungong Sion
Ni Jessica Larsen
Kinailangang maparating ni Mary nang mag-isa ang kanyang pamilya sa Salt Lake Valley. Paano niya magagawa iyon?

68 Pag-aayuno para sa Isang Propeta
Ni Rebecca J. Carlson

70 Bahagi para sa mga Tanong: Paano ko malalaman kung nasa hustong gulang na ako para mag-ayuno?

71 Pagpapaningning ng Inyong Liwanag
Ni Elder Larry S. Kacher

72 Ang Mahiwagang Pitaka
Ni Amanda Waters
Malaki ba talaga ang kaibhang magagawa ng pagbabalik ng pitaka?

74 Mga Sagot mula sa Isang Apostol: Ano ang family council?
Ni Elder M. Russell Ballard

75 Mga Figure sa Kasaysayan ng Simbahan: Kirtland at ang Word of Wisdom

76 Mga Kuwento tungkol kay Jesus: Pinakain ni Jesus ang Maraming Tao
Ni Kim Webb Reid

79 Pahinang Kukulayan: Gusto Kong Basahin ang mga Banal na Kasulatan

Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Hanapin sa tabi ng mga puno.

HULYO 2017 TOMO 20 BLG. 7
LIAHONA 14447 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Joseph W. Sitati
Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Jean B. Bingham, LeGrand R. Curtis Jr., Christoffel Golden, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke, Larry R. Lawrence, Carole M. Stephens

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Cremilda Amaral
Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Anne Selu, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Rachel Smith, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Glen Adair, Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis
Direktor sa Pamamahagi: Troy K. Vellinga

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2017 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
July 2017 Vol. 20 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

Mga Ideya para sa Family Home Evening

Ang isyung ito ay naglalaman ng mga artikulo at aktibidad na magagamit sa family home evening. Narito ang dalawang halimbawa.

"Ang Mahiwagang Pitaka," p. 72: Maaari ninyong simulan ang family home evening sa pagkanta ng "Piliin ang Tama" (*Mga Himno,* blg. 145). Maaari kayong magsadula ng inyong pamilya ng mga sitwasyon sa pagpili ng tama. Halimbawa, ano ang gagawin ninyo kung matukso kayong mandaya sa isang pagsusulit o hindi ninyo isinali ang isang tao sa isang aktibidad? Iakma ang mga sitwasyon sa sitwasyon ng inyong pamilya.

"Ano ang Family Council?" p. 74: Para makapaghanda para sa sarili ninyong family council, maaari kayong lumikha ng mga patakaran at mithiin para sa mga family council. Pag-ambagin ang lahat ng kapamilya. Maaaring ibilang sa mga patakaran at mithiin ang pagpatay sa mga electronic device, pakikinig sa isa't isa, pag-uusap tungkol sa darating na mga kaganapan, at paggawa ng mga pangmatagalang mithiin ng pamilya. Iakma ang inyong family council sa inyong pamilya at gawin itong kasiya-siya para asamin ng mga tao ang pagkakaroon ng mga family council.

MARAMI PANG IBA ONLINE

Basahin, ibahagi, at saliksikin online sa **liahona.lds.org.**

Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org.**

Humanap ng nagbibigay-inspirasyong mga mensahe sa **facebook.com/liahona** (makukuha sa English, Portuguese, at Spanish).

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Araw ng Sabbath, *38, 50*
Banal na kasulatan, mga, *79*
Edukasyon, *40*
Family history, *41*
Gawaing misyonero, *12, 28, 30, 42, 44, 71*
Halimbawa, *55, 71*
Himala, mga, *12*
Home teaching, *43*
Jesucristo, *7, 8, 41, 56, 63, 76, 80*
Kababaihan, *28, 30, 64*
Kampo ng Sion, *14*
Kapatawaran, Pagpapatawad, *28*
Kasaysayan ng Simbahan, *14, 24, 30, 64, 75*
Katapatan, *72*
Pag-aasawa, *40*
Pag-aayuno, *68, 79*
Pagbabalik-loob, Pagbabagong-loob, *12, 44*
Paghihirap, *4, 14, 41, 44*
Pagiging magulang, *34*
Pagkadisipulo, *14, 48, 56, 63, 80*
Pagkakaibigan, *44, 60, 71*
Pagkakaisa, *7, 24, 60*
Paglilingkod, *4, 43, 60*
Pagpapakumbaba, *14*
Pagsisisi, *12, 55*
Pagsunod, *4, 14*
Pagtitiis, *4, 30, 34, 60, 80*
Pagtuturo, *8*
Pag-unawa, *24, 28*
Pamilya, Mag-anak, *12, 34, 74*
Pananampalataya, *4, 40, 60, 64, 68*
Patotoo, *54*
Pioneer, mga, *14, 24, 28, 30, 56, 64*
Sakramento, *50, 54*
Talento, mga, *48*
Tapang, Lakas-ng-loob, *64, 72*

Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

ANG GANTIMPALA NG Pagtitiis na Mabuti

Noong binata pa ako, naglingkod ako sa Simbahan bilang tagapayo sa isang matalinong district president. Sinikap niya palagi na turuan ako. Naaalala ko ang payo na minsa'y ibinigay niya sa akin: "Kapag may nakilala ka, tratuhin sila na para bang may mabigat silang problema, at mas madalas na magiging tama ka." Naisip ko noon na negatibo siya. Ngayon, mahigit 50 taon kalaunan, nakikita ko kung gaano niya naunawaan ang mundo at buhay.

May haharapin tayong lahat na mga pagsubok—kung minsan, napakahihirap na pagsubok. Alam natin na tinutulutan ng Panginoon na magdaan tayo sa mga pagsubok para maging makinang at sakdal tayo upang makapiling natin Siya magpakailanman.

Itinuro ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith sa Liberty Jail na ang gantimpala sa pagtitiis na mabuti sa kanyang mga pagsubok ay tutulungan siyang maging karapat-dapat para sa buhay na walang hanggan:

"Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

"At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway" (D at T 121:7–8).

Marami tayong nararanasang paghihirap at pagsubok sa buhay na ito na parang mahirap na magtiis na mabuti. Magmumukha nga itong gayon sa isang pamilyang nakaasa sa mga pananim samantalang walang ulan. Maaari nilang isipin, "Hanggang kailan tayo magtitiis?" Magmumukha itong gayon sa isang kabataang nilalabanan ang lumalalang kasamaan at tukso. Magmumukha itong gayon sa isang binatilyong nagsisikap na makapag-aral o makakuha ng training na kailangan niya para makapagtrabaho at masuportahan ang kanyang asawa at pamilya. Magmumukha itong gayon sa isang taong hindi makakita ng trabaho o ilang beses nang nawalan ng trabaho nang malugi at magsara ang mga kumpanya. Magmumukha itong gayon sa mga taong bumagsak ang kalusugan at katawan, na maaaring dumating habang bata pa o kapag matanda na sila o ang kanilang mga mahal sa buhay.

Ngunit hindi tayo binigyan ng mapagmahal na Diyos ng gayong mga pagsubok para lamang makita kung matitiis natin ang hirap kundi para makita kung matitiis nating mabuti ang mga ito at nang sa gayon ay magiging makinang tayo.

Itinuro ng Unang Panguluhan kay Elder Parley P. Pratt (1807–57) noong bagong tawag siyang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Nakabilang ka sa isang gawain na nangangailangan ng iyong buong pansin; . . . maging makinang na pana. . . . Kailangan mong magtiis ng maraming paghihirap, maraming gawain, at maraming pagsubok para maging lubos na makinang. . . . Kailangan ito ng iyong Ama sa Langit; ang bukid ay Kanya; ang gawain ay Kanya; at Kanyang . . . pasasayahin ka . . . at susuportahan ka."[1]

Sa aklat na Mga Hebreo, binanggit ni Pablo ang bunga ng pagtitiis na mabuti: "Lahat ng parusa sa ngayon ay tila man din hindi ikaliligaya kundi ikalulungkot; gayon ma'y pagkatapos ay namumunga ng bungang mapayapa ng katuwiran sa mga nagsipagsanay sa pamamagitan nito" (Mga Hebreo 12:11).

Ang ating mga pagsubok at ating mga paghihirap ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong matuto at lumago, at maaari pa nitong baguhin ang pagkatao natin mismo. Kung makakabaling tayo sa Tagapagligtas sa ating kagipitan, ang ating kaluluwa ay maaaring maging makinang kapag nagtiis tayo.

Kaya nga, ang unang dapat tandaan ay manalangin tuwina (tingnan sa D at T 10:5; Alma 34:19–29).

Ang pangalawa ay patuloy na magsikap na sundin ang mga kautusan—anuman ang oposisyon, tukso, o kaguluhan sa paligid natin (tingnan sa Mosias 4:30).

Ang pangatlong mahalagang bagay na dapat gawin ay maglingkod sa Panginoon (tingnan sa D at T 4:2; 20:31).

Sa paglilingkod sa Panginoon, nakikilala natin Siya at natututo tayong mahalin Siya. Kung masigasig tayong manalangin at tapat tayong naglilingkod, masisimulan nating kilalanin ang kamay ng Tagapagligtas at ang impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay. Marami sa atin ang nakapagbigay ng gayong paglilingkod sa loob ng ilang panahon at nadama natin ang patnubay na iyon. Kung gugunitain ninyo ang panahong iyon, maaalala ninyo na may mga pagbabago sa inyo. Ang tuksong gumawa ng masama ay tila nabawasan. Ang hangaring gumawa ng mabuti ay naragdagan. Maaaring sinabi na ng mga tao na kilalang-kilala kayo at mahal kayo: "Naging mas mabait at mapagpasensya ka. Parang nagbago ka na."

Hindi ka na katulad ng dati. Nabago kayo sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo dahil umasa kayo sa Kanya sa oras ng inyong pagsubok.

Ipinapangako ko na tutulungan kayo ng Panginoon sa inyong mga pagsubok kung hahanapin at paglilingkuran ninyo Siya at kikinang ang inyong kaluluwa dahil dito. Hinahamon ko kayo na magtiwala sa Kanya sa lahat ng inyong paghihirap.

Alam ko na ang Diyos Ama ay buhay at dinirinig at sinasagot Niya ang ating mga dalangin. Alam ko na ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang nagbayad ng lahat ng ating kasalanan at nais Niya tayong lumapit sa Kanya. Alam ko na binabantayan tayo ng Ama at ng Anak at naghanda Sila ng paraan para makapagtiis tayong mabuti at makauwing muli. ■

TALA

1. *Autobiography of Parley P. Pratt,* inedit ni Parley P. Pratt Jr. (1979), 120.

PAGTUTURO MULA SA MENSAHENG ITO

Lahat tayo ay may mga hamon na sumusubok sa ating pananampalataya at kakayahang magtiis. Isipin ang mga pangangailangan at hamon ng inyong mga tinuturuan. Bago bumisita, maaari kayong manalangin para sa patnubay na malaman kung paano sila mas matutulungang magtiis na mabuti. Maaari ninyong talakayin kapwa ang mga alituntunin at ang mga talata sa banal na kasulatan na binanggit ni Pangulong Eyring, kabilang na ang pagdarasal, paglilingkod, at pagsunod sa mga kautusan. Maaari din kayong magbahagi ng personal na karanasan kung paano kayo napagpala sa mga paraan na nakatulong sa inyo na magtiis na mabuti.

MGA KABATAAN

Maaari mong i-download ang "Manatili sa 'King Tabi" sa lds.org/go/7176.

Nang Pumanaw ang Aking Kaibigan

Ni Samantha Linton

Noong junior high school ako, nagkaroon ng aneurism sa utak ang kaibigan ko at pumanaw kinabukasan. Kahit miyembro ako ng Simbahan, nahirapan pa rin ako. Buong buhay akong naturuan na maaari akong bumaling sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas para sa anuman, ngunit wala pa akong napagdaanang ganito noon.

Ilang oras akong umiyak, sa pagsisikap na makakita ng isang bagay—ng anumang bagay—na makakapanatag sa akin. Noong gabi matapos siyang pumanaw, bumaling ako sa himnaryo. Nang buklatin ko ang mga pahina, napunta ako sa "Manatili sa 'King Tabi" (*Mga Himno,* blg. 96). Namukod-tangi sa akin ang ikatlong talata:

Manatili sa 'king tabi,
Gabi ay may lumbay;
Kung 'di Kayo makaniig,
Mapanglaw ang buhay.

Nangangambang sa tahanan
Karimla'y lalagi.
Panginoon, . . . manatili;
Masdan, gumagabi.

Pinuspos ako ng talatang ito ng labis na kapayapaan. Nalaman ko noon na hindi lamang mananatili sa aking tabi ang Tagapagligtas nang gabing iyon kundi alam Niya rin talaga ang nadarama ko. Alam ko na ang pagmamahal na nadama ko sa pamamagitan ng himno ay hindi lamang nagpalakas sa akin nang gabing iyon kundi natulungan din akong malagpasan ang maraming iba pang pagsubok na tiniis ko.

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA BATA

Magtuon kay Jesus

Kapag nagtuon tayo kay Jesus, matutulungan Niya tayong harapin ang mahihirap na bagay sa buhay. Ang pagmamahal sa iba, pagsunod sa mga kautusan, at pagdarasal sa Ama sa Langit sa pangalan ni Jesucristo ay pawang mga paraan ng pagtutuon kay Jesus.

Magdrowing ng mga larawan sa mga blangkong kuwadrado para bawat hilera at bawat hanay pababa ay may isang larawan para sa pagmamahal, pagdarasal, at mga kautusan.



MGA PAGLALARAWAN NI TAIA MORLEY

MENSAHE SA VISITING TEACHING

Upang Sila'y Maging Isa

Mapanalanging pag-aralan ang materyal na ito at maghangad ng inspirasyong malaman kung ano ang ibabahagi. Paano ihahanda ng pagkaunawa sa layunin ng Relief Society ang mga anak na babae ng Diyos para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan?

Pananampalataya
Pamilya
Kapanatagan

"Ganap na nakiisa si Jesus sa Ama sa pagpapasakop ng Kanyang sarili, laman at espiritu, sa kalooban ng Ama," pagtuturo ni Elder D. Todd Christofferson ng Korum ng Labindalawang Apostol.

". . . Tiyak kong hindi tayo magiging kaisa ng Diyos at ni Cristo hangga't hindi natin pakahangarin ang Kanilang kalooban at hangarin. Ang gayong pagpapakumbaba ay hindi matatamo sa isang araw, ngunit sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tuturuan tayo ng Panginoon kung nais natin hanggang, sa pagdaan ng panahon, angkop na sabihing Siya ay nasa atin tulad ng ang Ama ay nasa Kanya."[1]

Itinuro ni Linda K. Burton, Relief Society General President, kung paano pagsikapan ang pagkakaisang ito: "Ang paggawa at pagtupad ng ating mga tipan ay pagpapakita ng ating pangakong maging katulad ng Tagapagligtas. Ang nararapat gawin ay pagsikapang magkaroon ng saloobing higit na naipapahayag sa ilang talata ng isang paboritong himno: 'Tutungo ako saanman [*ninyo* ako patunguhin]. . . . Bibigkasin ko ang *inyong* nais. . . . Susundin ko ang *inyong* utos.'"[2]

Ipinaalala rin sa atin ni Elder Christofferson na "habang sinisikap natin araw-araw at linggu-linggo na sundan ang yapak ni Cristo, lumalakas ang ating espiritu, ang pagtatalo ng kalooban ay nababawasan, at di na tayo ginagambala ng mga tukso."[3]

Nagpapatotoo si Neill F. Marriott, Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency, tungkol sa mga pagpapala ng pagsisikap na iayon ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos: "Nahirapan akong pawiin ang mortal na hangaring gawin ang mga bagay sa *aking* paraan, na natatanto kalaunan na ang aking paraan ay kulang, limitado, at mas mababa sa paraan ni Jesucristo. "Siya ang daan na naghahatid ng kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."[4] Mapakumbaba tayong magsikap na maging isa sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Mga Karagdagang Banal na Kasulatan at Impormasyon

Juan 17:20–21; Mga Taga Efeso 4:13; Doktrina at mga Tipan 38:27; reliefsociety.lds.org

MGA TALA

1. D. Todd Christofferson, "Upang Sila ay Maging Isa sa Atin," *Liahona,* Nob. 2002, 72, 73.
2. Linda K. Burton, "Ang Kapangyarihan, Galak, at Pagmamahal sa Pagtupad ng Tipan," *Liahona,* Nob. 2013, 111.
3. D. Todd Christofferson, "Upang Sila ay Maging Isa sa Atin," 71.
4. Neill F. Marriott, "Pagpapasakop ng Ating Puso sa Diyos," *Liahona,* Nob. 2015, 32.

Isipin Ito

Paano tayo natutulungan ng pagsunod sa kalooban ng Diyos na maging higit na katulad Niya?

ISANG GURO NA TUMUTULONG NA MAGLIGTAS NG MGA KALULUWA

Ni Brian Hansbrow
Church Curriculum Development

Bakit *nagbibigay-kahulugan ang pagtuturo ng Tagapagligtas sa* paraan *ng Kanyang pagtuturo. Naiiba ba ang ating layunin?*

Inaamin ko na kapag naiisip ko ang pagtuturo sa paraan ng Tagapagligtas, malamang na magtuon ako sa *paraan* ng Kanyang pagtuturo. Ano ang ginawa Niya? Paano Siya nakisalamuha sa mga tao? Tutal, Siya naman ang dalubhasang guro! Pero kung nais nating magturo na katulad Niya, mahalagang maunawaan ang *dahilan* ng Kanyang pagtuturo. Sa huli, ang "dahilan" na iyon ang gagawa ng kaibhan para sa atin at sa ating mga tinuturuan.

Nang magturo ang Tagapagligtas, hindi Niya nilayon na punan ang oras o manlibang o magbigay ng impormasyon. Lahat ng ginagawa Niya—kabilang na ang pagtuturo—ay nilayon upang akayin ang iba patungo sa Kanyang Ama. Ang buong hangarin at misyon ng Tagapagligtas ay iligtas ang mga anak ng Ama sa Langit (tingnan sa 2 Nephi 26: 24). Sa pagsisikap nating magturo na katulad ng ginawa Niya, maaari tayong matutong maganyak ng layunin ding iyon na naggan-yak sa Kanya.

Sa madaling salita, ang pagtuturo sa paraan ng Tagapagligtas ay pagiging isang guro na ang layunin ay magligtas ng mga kaluluwa.

Ang Hangaring Iligtas ang Iba

Ang isa sa mga paborito kong kuwento sa Aklat ni Mormon noon pa man ay tungkol sa pag-alis ng mga anak ni Haring Mosias sa kaharian ng mga Nephita para itatag ang kaharian ng Diyos sa mga Lamanita. Isinuko nila ang isang kaharian sa lupa para sa kaharian ng langit. Isinuko nila ang mga kaginhawahan ng kaligtasan at seguridad sa piling ng mga Nephita para makihalubilo sa kanilang mga kaaway, ang mga Lamanita, upang "baka sakaling mailigtas [nila] ang ilan sa kanilang mga kaluluwa" (Alma 26:26).

Ano ang nagganyak sa mga lingkod na ito ng Panginoon? "Hindi nila maatim na ang sinumang kaluluwa ng tao ay masawi; oo, maging ang isipin lamang na ang sinumang kaluluwa ay magtiis ng walang hanggang pagdurusa ay naging dahilan upang sila ay mayanig at manginig" (Mosias 28:3).

Ang pagganyak na iyon ang naging dahilan para magtiis sila ng "maraming . . . paghihirap" (Alma 17:5, 14).

Madalas akong bigyang-inspirasyon ng kuwentong ito na isiping, Ginagawa ko ba ang magagawa ko para ilapit ang iba kay Cristo? Nakatuon ba ako nang sapat sa pagliligtas ng mga kaluluwa?

Pagiging Guro na Tumutulong na Magligtas ng mga Kaluluwa

Kapag hangad nating magturo para sa kadahilanang katulad ng sa Tagapagligtas, nagkakaroon ng higit na kahulugan ang mga alituntunin ng *paraan* ng Kanyang pagtuturo. Higit pa sa mga pamamaraan, nagsisilbing huwaran ang mga ito sa pagiging katulad Niya. Kapag patuloy nating sinunod ang sumusunod na mga ideya, at gayundin ang iba na matatagpuan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas*, hindi lang tayo *magtuturo* nang higit na katulad Niya kundi *magiging* higit din tayong katulad Niya.

Maghangad ng Paghahayag nang Maaga

Para makatulong sa pagliligtas ng mga kaluluwa, kailangan natin ng paghahayag. Ang paghahayag ay dumarating nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon" (2 Nephi 28:30)—at matagal iyan. Kaya maaga tayong nagsisimulang maghanda at madalas tayong maghangad ng paghahayag.

Mahalin ang mga Tao

Maaaring pagmamahal ang pinakamabisang paraan para makatulong ang isang guro na magligtas ng mga kaluluwa. Maaaring kasingsimple iyan ng pag-alam sa pangalan ng bawat miyembro ng klase, pangungumusta tungkol sa mga nangyari sa kanila buong linggo, pagsasabi na maganda ang mensaheng ibinigay nila o pagbati sa kanila sa isang mahalagang pangyayari o tagumpay sa buhay nila. Ang pagpapakita ng interes at pagmamahal

ay binubuksan ang mga puso at tinutulungan ang mga tinuturuan natin na madama ang Espiritu Santo.

Maghandang Magturo na Iniisip ang mga Pangangailangan ng mga Mag-aaral

Ang isang guro na tumutulong na magligtas ng mga kaluluwa ay nakatuon sa mga mag-aaral. Kapag binasa natin ang mga materyal ng lesson, magtuon tayo sa kung ano ang pinakamainam na tutugon sa mga pangangailangan nila, hindi natin. Nalilimutan nating huwag magsayang ng oras at magtuon sa pagimpluwensya sa puso't isipan ng mga mag-aaral. Iniisip natin hindi lamang ang ating sasabihin at gagawin, kundi maging ang sasabihin at gagawin ng mga mag-aaral. Nais nating ibahagi nila ang kanilang mga ideya dahil lumilikha ito ng pagkakaisa, binubuksan ang kanilang puso, at tinutulungan silang manampalataya.

Manatiling Nakatuon sa Doktrina

Karaniwan ay sinusuri ng mga guro ang kanilang kahusayan ayon sa partisipasyong nakukuha nila mula sa mga estudyante, ngunit isang elemento lamang iyan ng karanasan. Kung maraming pagbabahagi sa klase natin pero kakatiting ang doktrina, naglalaan tayo ng tinatawag ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na "theological Twinkie" o isang bagay na nagpapasaya sandali pero walang kabuluhan. Naglaan tayo ng isang bagay na masarap ang lasa, pero hindi natin napangalagaan ng nagpapalakas na kapangyarihan ng doktrina ang mga miyembro ng ating klase.

Itinuro ni Propetang Joseph Smith, "Ang tao ay kailangan munang matuto bago maligtas."[1] Kailangan nating tulungan ang mga tinuturuan natin na matamo ang pinakamahalagang uri ng kaalaman—ang doktrina ni Jesucristo.

Kapag nagbahagi tayo at ang mga miyembro ng ating klase ng ating mga

iniisip at nadarama, dapat ay lagi natin itong iugnay sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Kamakailan, itinuro ni Brother Tad R. Callister, Sunday School General President: "Ang ulirang guro ay palaging nagsisikap na iugnay ang mga komento ng klase sa doktrina. Halimbawa, maaaring sabihin ng guro, 'Ipinaalala sa akin ng karanasang ibinahagi mo ang isang talata sa banal na kasulatan.' O, 'Ano ang mga katotohanan ng ebanghelyo na natututuhan natin mula sa mga komentong narinig natin?' O, 'Mayroon bang gustong magpatotoo tungkol sa kapangyarihan ng katotohanang iyan na tinatalakay natin?'"[2]

Anyayahan ang Espiritu Santo na Magpatotoo

Ang isang gurong tumutulong na magligtas ng mga kaluluwa ay nauunawaan na ang sinasabi at ginagawa natin bilang guro ay nilayon upang anyayahan ang impluwensya ng Espiritu Santo sa buhay ng iba. Ang Espiritu Santo ang guro. Ang isa sa mga tungkulin ng Espiritu Santo ay magpatotoo tungkol sa katotohanan, lalo na tungkol sa Ama at sa Anak. Kaya kapag nagturo tayo tungkol sa Kanila at sa Kanilang ebanghelyo, inaanyayahan natin ang Espiritu Santo na magpatotoo sa mga miyembro ng klase. Hangga't tinutulutan nila, ang Kanyang kapangyarihan ay nagpapalakas ng kanilang patotoo at binabago ang kanilang puso. Ang Kanyang patotoo ay mas makapangyarihan kaysa sa paningin.[3]

Anyayahan ang mga Mag-aaral na Matutong Kumilos para sa Kanilang Sarili

Kamakailan ay nasa isang klase ako ng Sunday School kung saan nagsimula ang guro sa paghiling sa mga miyembro ng klase na magbahagi ng isang bagay na lubhang makabuluhan sa kanila nang basahin nila ang gawain para sa linggong iyon mula sa mga

banal na kasulatan at kung paano nila iniangkop iyon sa kanilang buhay. Humantong ito sa isang mabisang talakayan tungkol sa mga kabatiran at bagay na natuklasan nila para sa kanilang sarili. Lubhang likas sa guro ang idagdag sa pag-uusap na ito ang mga punto ng doktrina na naihanda niyang ituro. Ang talagang hinangaan ko ay ang paraan ng pagtuon niya sa paghihikayat sa mga miyembro ng kanyang klase na madama ang kapangyarihan ng salita ng Diyos para sa kanilang sarili.

Ang ating mithiin bilang mga guro ay hindi lamang para magkaroon ng magandang karanasan sa klase o huwag magsayang ng oras o magbigay ng magandang lesson. Ang tunay na mithiin ay sumama sa iba sa kanilang paglalakbay pabalik sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ang ating mithiin ay maging mga guro na tumutulong na magligtas ng mga kaluluwa. ■

Bisitahin ang ***teaching.lds.org*** *para malaman ang iba pa kung paano mababago ng* Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas *at mga teacher council meeting ang paraan ng ating pag-aaral at pagtuturo.*

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 309.
2. Tad R. Callister, "Sunday School 'Discussion Is a Means, Not an End,'" *Church News,* Hunyo 9, 2016, deseretnews.com.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2000), 46.

ANG Tunay NA HIMALA

Ang kamay ng Panginoon ay malinaw na nakita hindi lamang sa paggaling ni Paola kundi maging sa pagbabalik-loob ng kanyang ama sa ebanghelyo.

Ni Don L. Searle

Ang nangyari kay Paola Yáñez, ayon sa kanyang mga doktor, ay isang himala sa larangan ng medisina. Biglang gumanda ang lagay ng tinedyer na taga-Quito, Ecuador, nabigyan siya ng kanyang ama ng isa sa mga bato nito, tagumpay ang transplant operation, at nagkaroon siya ng pangalawang pagkakataong mabuhay.

Pero sabi ni Marco Yáñez, na kanyang ama, kamangha-mangha rin ang nangyari sa kanya. Natagpuan niya ang ebanghelyo, at ang pagbabagong ginawa nito sa kanyang buhay ay nagbigay rin sa kanya ng pangalawang pagkakataon.

Napinsala ang mga bato ni Paola nang magkaroon siya ng nephritis noong bata pa siya, pero nabuhay siya sa gamot na ininom niya. Gayunman, noong 15 anyos siya, lumala ang lagay niya. Hindi na gumana ang isang bato, at ang isa pa ay mabilis na lumalala. Sa kabila ng panggagamot sa tulong ng dialysis, dahan-dahang namamatay si Paola. Pinayagan siyang uminom ng isang tasang tubig lang sa isang araw, at lubhang limitado ang kanyang mga aktibidad dahil apektado na ang kanyang mga baga, lapay, at puso.

Imposibleng dalhin siya sa Estados Unidos o Cuba para sa transplant—kailangan niyang humanap ng donor sa Ecuador. Nakita sa mga pagsusuri na hindi puwedeng maging donor ang kanyang ama. Puwede ang kanyang ina, pero nalaman ng mga doktor na napakataas ng lebel ng mga pangontra [antibodies] ni Paola dahil sa dialysis kaya tatanggihan ng katawan niya ang transplant. Ipinagdasal ni Paola na kahit paano ay maligtas ang buhay niya.

Sa puntong ito, noong Hunyo 1988, kumatok ang mga Latter-day Saint missionary sa pintuan ng pamilya Yáñez. Nagunita ng ina ni Paola na si Carmen na pinapasok niya sila para tuyain. Nang sabihin nila sa

kanya ang isang mensahe na makakatulong sa kanya, pagalit niyang sinabi, “Paano ninyo ako matutulungan samantalang nag-aagaw-buhay ang anak ko? Hindi ako naniniwala na mayroong Diyos!”

Sa kabila ng unang pagkainis ni Carmen, patuloy na binisita ng mga missionary ang pamilya. Noong una pakiramdam ni Marco ay masyado siyang tutok sa pag-aasikaso sa anak niya para pansinin ang mga missionary. Ngunit sa huli ay nakinig siya, para mag-usisa. Nalaman niya na may sagot sila sa kanyang mga tanong tungkol sa layunin ng buhay.

Hindi naniwala si Marco sa isang personal na Diyos. Para sa kanya, ang Diyos ay pinagmumulan ng lakas para sa lahat o isang malaki at malayong nilalang na walang pakialam sa mga tao. Ngunit noong malalang-malala na ang lagay ng kanyang anak, nanalangin siya, at hiniling sa Diyos na pagalingin ang kanyang anak o kunin na ito. Ipinagdasal niya, “Kung nariyan Kayo, ipaalam po ninyo sa akin. Buhayin po Ninyo ang anak ko.”

Kasunod ng kanyang panalangin, damang-dama ni Marco na magbabago ang lagay ni Paola. Sinabi niya sa mga doktor na suriin siyang muli at ang kanyang anak. Sinabi nila sa kanya na pagsasayang lang ng oras ang pagsusuri, pero pumayag silang gawin iyon.

Nalaman nila na si Marco *ay* talagang akmang maging donor—at gumanda nang sapat ang lagay ni Paola para makayanan niya ang transplant!

Sa araw bago ang operasyon, tumanggap ng basbas ng priesthood sina Marco at Paola mula sa mga missionary.

Inasahan nina Marco at Paola na matagal ang paggaling nila sa ospital matapos silang operahan. Pero nakalabas si Marco makalipas ang limang araw, at nakalabas naman si Paola, na umasang manatili nang dalawang buwan, pagkaraan lamang ng 13 araw. Ipinalagay ni Marco na mabilis silang gumaling dahil sa mga basbas ng priesthood, at alam niya na kailangan niyang seryosohin ang mensahe ng mga missionary.

Sina Marco at Carmen Yáñez ay nabinyagan noong Setyembre 11, 1988. Si Paola naman, na naturuan na ng mga missionary bago inoperahan, at ang nakababata niyang kapatid na si Patricia, ay kapwa nabinyagan noong Nobyembre 3. Sa panahong iyon ay natanggap na ng kanilang ama ang Aaronic Priesthood at siya ang nagbinyag sa kanila.

Naniniwala si Brother Yáñez na sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin at tinulutan siyang maging donor ni Paola para baguhin ang kanyang puso. “Kung ang asawa ko ang inoperahan nila sa halip na ako, naniniwala ako na hindi magbabago ang buhay ko,” sabi niya. Hindi ito ang buhay na maipagmamalaki niya—pag-inom, paninigarilyo, at pagsusugal. Dinaig niya ang kanyang mga adiksyon, sabi niya, dahil sa natanggap niyang mga sagot sa kanyang mga dalangin. Pero napakahirap; kinikilala niya na Diyos lamang ang nakatulong sa kanya na magbago.

Sabi ni Brother Yáñez may malakas na patotoo na siya tungkol sa Word of Wisdom at sa batas ng ikapu. Noong tinuturuan siya ng mga missionary, bukas ang tindahan niya nang pitong araw sa isang linggo para mabayaran ang pagpapagamot ni Paola na U.S. $1,000 kada buwan. “Hirap na hirap akong tanggapin” ang batas ng ikapu, wika niya, pero nagpasiya siya na panatilihing banal ang araw ng Sabbath at subukan ang pangako sa Malakias 3:10 sa pagbabayad ng ikapu. Nang magsara na siya ng tindahan tuwing Linggo, sabi niya, “ang mga dating bumibili tuwing Linggo ay Sabado na bumili—at mas marami silang binili.” Mas malaki na ang kita niya ngayon kaysa noong bukas ang tindahan niya nang pitong araw sa isang linggo.

Kapag ginugunita ito ni Marco Yáñez, nagugulat siya sa mga pagbabago sa sarili niya. Kinikilala niya na ang kanyang mga pagsamo na mabuhay ang kanyang anak ay nagpalago sa espirituwalidad ng buong pamilya na hindi niya inakalang posible. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

PAGLALARAWAN NI D. KEITH LARSON

SA PANIG

Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang paglalakbay ng Kampo ng Sion na pinamunuan ni Propetang Joseph Smith noong 1834 ay isang kapansin-pansing halimbawa ng pagpiling pumanig sa Panginoon. Ang pagrerebyu ng kasaysayan ng Kampo ng Sion ay magtuturo sa atin ng mahalaga at walang-kamatayang mga aral mula sa makabuluhang pangyayaring ito sa kasaysayan ng Simbahan na angkop sa ating buhay at sitwasyon ngayon.



Ano ang Kampo ng Sion?

Nakatanggap ng paghahayag si Propetang Joseph Smith noong 1831 na itinalaga ang Independence, Jackson County, Missouri, bilang lugar na pagtatayuan ng Sion, ang pinakamahalagang lugar ng pagtitipon para sa mga Banal sa mga Huling Araw at ang lokasyon para sa Bagong Jerusalem na tinukoy kapwa sa Biblia at sa Aklat ni Mormon (tingnan sa D at T 57:1–3; tingnan din sa Apocalipsis 21:1–2; Eter 13:4–6). Pagsapit ng tag-init ng 1833, halos sangkatlo ng populasyon sa Jackson County ay mga nandayuhang Mormon. Ang mabilis na pagdami, magiging impluwensya sa pulitika, at kaka-ibang mga paniniwala sa relihiyon at pulitika ng mga bagong saltang ito ang naging sanhi ng pag-aalala ng iba pang mga naninirahan sa lugar, kaya pinaalis nila ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang tahanan at mga lupain. Nang hindi masunod ang ultimatum na ito, nilusob ng mga taga-Missouri ang mga pamayanan noong Nobyembre 1833 at puwersahang pinaalis ang mga Banal.

Ang pagbubuo ng Kampo ng Sion ay iniutos sa paghahayag noong Pebrero 1834 (tingnan sa D at T 103). Ang pangunahing layunin ng hukbong ito ng

NG PANGINOON

Mga Aral mula sa Kampo ng Sion



Noong Nobyembre 1833, nilusob ng mga Missourian ang mga pamayanan ng mga Mormon sa Jackson County, Missouri, at pilit na pinalayas ang mga Banal.

Panginoon ay protektahan ang mga Mormon sa Jackson County sa iba pang mga paglusob—matapos tuparin ng militar sa Missouri ang obligasyon nitong ibalik ang mga dayuhan nang ligtas sa kanilang mga tahanan at lupain. Magdadala rin ang kampo ng pera, mga suplay, at suportang moral sa dukhang mga Banal. Sa gayon, noong Mayo at Hunyo 1834, isang grupo ng mahigit 200 boluntaryong Banal sa mga Huling Araw na pinamunuan ni Propetang Joseph Smith ang naglakbay nang halos 900 milya (1,450 km) mula Kirtland, Ohio, patungong Clay County, Missouri. Nagbuo rin sina Hyrum Smith at Lyman Wight ng mas maliit na grupo ng mga boluntaryo mula sa Michigan Territory at nakipagkita sa grupo ng Propeta sa Missouri. Kabilang sa mga kasama sa Kampo ng Sion sina Brigham Young, Heber C. Kimball, Wilford Woodruff, Parley P. Pratt, Orson Hyde, at maraming iba pang kilalang tao sa kasaysayan ng Simbahan.

Ang layunin ko ay hindi para ilarawan ang mga detalye ng mahirap na paglalakbay na ito o ikuwento ang lahat ng espirituwal na makabuluhang pangyayaring naganap. Ibubuod ko ang ilang mahahalagang pangyayari sa paglalakbay ng Kampo ng Sion:

- Hindi naibigay ni Gobernador Daniel Dunklin ng Missouri ang ipinangakong tulong ng militar na kailangan para makabalik ang mga dayuhang Mormon sa kanilang lupain.
- Ang mga pakikipag-areglo sa pagitan ng mga pinuno ng Simbahan, mga opisyal ng estado ng Missouri, at mga mamamayan ng Jackson County para maiwasan ang armadong labanan at malutas ang mga pagtatalo sa mga ari-arian ay nabigong magkaroon ng kasiya-siyang kasunduan.
- Sa huli, inutusan ng Panginoon si Joseph Smith na buwagin ang Kampo ng Sion at sinabi kung bakit hindi nakamtan ng hukbo ng Panginoon ang inakala nitong layunin (tingnan sa D at T 105:6–13, 19).
- Inutusan ng Panginoon ang mga Banal na makipag-mabutihang-loob sa mga tao sa lugar bilang paghahanda para sa panahon na mabawi ang Sion nang legal sa halip na sa pamamagitan ng militar (tingnan sa D at T 105:23–26, 38–41).

Nahati ang hukbo ng Sion sa mas maliliit na grupo sa huling bahagi ng Hunyo 1834, at ang mga dokumentong nagpapatibay na pinalaya na sa tungkulin ang huling sundalo ay inilabas noong unang ilang araw ng Hulyo 1834. Karamihan sa mga boluntaryo ay bumalik sa Ohio.

Anong mga Aral ang Matututuhan Natin mula sa Kampo ng Sion?

Dahil sa kabiguang muling maitatag ang mga Banal sa kanilang mga lupain sa Jackson County, ang Kampo ng Sion ay itinuring ng ilan na isang bigo at walang-pakinabang na adhikain. Isang brother sa Kirtland—na walang pananampalataya na magboluntaryong sumama sa kampo—ang kumausap kay Brigham Young pagbalik nito mula sa Missouri at nagtanong, "'Ano ang napala ninyo sa walang-kabuluhang paglalakbay na ito patungong Missouri kasama si Joseph Smith?' 'Lahat ng ipinunta namin,' sagot kaagad ni Brigham Young. 'Hindi ko ipagpapalit ang karanasang natamo ko sa paglalakbay na iyon sa lahat ng yaman ng Geauga County,'" ang bayan kung saan naroon dati ang Kirtland.[1]

Inaanyayahan ko kayo na taimtim na pag-isipan ang sagot ni Brigham Young: "Lahat ng ipinunta namin." Ano ang mahahalagang aral na mapupulot natin mula sa isang adhikain na hindi naisakatuparan ang inihayag na layunin nito ngunit magkagayunman ay naglaan sa mga naunang Banal, at maaaring maglaan sa atin, ng mga pagpapala habambuhay?

Naniniwala ako na may matatagpuang kahit dalawang pangunahing aral lamang sa sagot ni Brother Brigham sa nanunuyang tanong na iyon: (1) ang aral tungkol sa pagsusuri, pagsala, at paghahanda, at (2) ang aral tungkol sa pagmamasid, pagkatuto, at pagsunod sa mga Kapatid. Binibigyang-diin ko na ang mga aral na ito ay kasinghalaga, kung hindi man mas mahalaga, para sa atin na matutuhan at maipamuhay ngayon tulad noong mahigit 180 taon na ang nakararaan para sa mga boluntaryo sa Kampo ng Sion.

SUMULONG, PATULOY NA SUMULONG, NI GLEN HOPKINSON.

Ang Aral tungkol sa Pagsusuri, Pagsala, at Paghahanda

Ang matatatag na Banal na humayo sa hukbo ng Panginoon ay nasubukan at napatunayan. Sabi nga ng Panginoon, Aking narinig ang kanilang mga panalangin, at tatanggapin ang kanilang mga handog; at kapaki-pakinabang sa akin na sila ay dalhin sa ganito bilang pagsubok sa kanilang pananampalataya" (D at T 105:19).

Sa napaka-literal na paraan, ang pisikal at espirituwal na mga hamon sa Kampo ng Sion ay binubuo ng pagsala ng trigo mula sa mga panirang damo (tingnan sa Mateo 13:25, 29–30; D at T 101:65), ng paghiwalay ng mga tupa sa mga kambing (tingnan sa Mateo 25:32–33), ang paghiwalay ng espirituwal na matatag sa mahina. Sa gayon, bawat lalaki at babae na kabilang sa mga hukbo ng Panginoon ay naharap at sumagot sa tanong na tumatagos sa kaluluwa na "Sino'ng panig sa Diyos?"[2]

Habang nagsasaayos ng negosyo si Wilford Woodruff at naghahandang sumama sa Kampo ng Sion, binalaan siya ng kanyang mga kaibigan at kapitbahay na huwag sumama sa gayong mapanganib na paglalakbay. Ang payo nila, "Huwag kang sumama, kung ayaw mong mamatay." Sagot niya, "Kung alam ko na dapat akong tamaan ng bala sa puso sa unang hakbang na ginawa ko sa estado ng Missouri, sasama ako."[3] Alam ni Wilford Woodruff na hindi niya kailangang matakot sa masasamang ibubunga nito basta't tapat siya at masunurin. Malinaw na siya ay nasa panig ng Panginoon.

Tunay ngang ang "[ipakita] ngayon"[4] para sa matatapat na kalalakihan at kababaihan ay noong tag-init ng 1834. Ngunit ang desisyong humayo na kasama ni Propetang Joseph patungong Missouri ay hindi nangangahulugan ng minsanan, para sa lahat, o agarang sagot sa tanong na "Sino'ng panig sa Diyos?" Ang panahong ipakita para sa mga Banal na iyon ay madalas at paulit-ulit sa pamamagitan ng pagod na isipan at katawan, madudugong paltos sa kanilang mga paa, kakulangan sa pagkain at maruming tubig, napakaraming kabiguan, mga pagtatalu-talo at paghihimagsik sa loob ng kampo, at mga banta sa labas mula sa masasamang kaaway.

Ang panahon para magpakita ay dumating sa mga karanasan at kagipitan sa bawat oras, bawat araw, at bawat linggo. Ito ang malakihang kombinasyon ng maraming tila maliliit na pagpapasiya at pagkilos

“Maraming tao na ang pakiramdam ay mababuti silang lalaki at babae, ngunit kailangan nilang magkaroon ng silbi.”

sa buhay ng matatapat na mga Banal na ito na naglaan ng determinadong sagot sa tanong na, “Sino’ng panig sa Diyos?”

Paano nagsilbing paghahanda ang pagsubok at pagsala na nangyari sa buhay ng mga kasama sa Kampo ng Sion? Ang nakakatuwa, walo sa mga kapatid na tinawag sa Korum ng Labindalawang Apostol noong 1835, gayundin ang lahat ng Pitumpu na kasabay na tinawag noon, ay mga beterano ng Kampo ng Sion. Sa isang pulong kasunod ng panawagan ng mga Pitumpu, ipinahayag ni Propetang Joseph Smith:

“Mga kapatid, ang ilan sa inyo ay galit sa akin, dahil hindi kayo nakipaglaban sa Missouri; ngunit hayaan ninyong sabihin ko sa inyo, hindi nais ng Diyos na makipaglaban kayo. Hindi Niya maitatayo ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng labindalawang kalalakihang magbubukas ng mga pinto ng ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig, at pitumpung kalalakihan sa ilalim ng pangangasiwa ng mga ito na sumunod sa kanilang landas, maliban lamang kung kinuha Niya ang mga ito mula sa kalalakihang inialay ang kanilang mga buhay, at gumawa ng sakripisyong kasing dakila ng ginawa ni Abraham.

“Ngayon, nasa Panginoon na ang kanyang Labindalawa at kanyang Pitumpu, at tatawag pa ng ibang mga korum ng Pitumpu.”[5]

Tunay ngang ang Kampo ng Sion ay apoy ng isang maglalantay para sa lahat ng boluntaryo sa pangkalahatan at lalo na sa maraming pinuno ng Simbahan ng Panginoon sa hinaharap.

Ang natamong mga karanasan ng mga boluntaryo sa hukbo ng Panginoon ay isang paghahanda rin para sa mas malalaking pandarayuhan ng mga miyembro ng Simbahan sa hinaharap. Mahigit 20 sa mga kalahok sa Kampo ng Sion ang naging mga kapitan at tinyente sa dalawang malalaking paglalakbay—ang una ay pagkaraan lang ng apat na taon, na kinasangkutan ng pagpapaalis sa 8,000 hanggang 10,000 katao mula Missouri hanggang Illinois[6]; at ang pangalawa, pagkaraan ng 12 taon, ang malaking paglalakbay pakanluran ng tinatayang 15,000 Banal sa mga Huling Araw mula Illinois hanggang Salt Lake at iba pang mga lambak ng Rocky Mountain. Bilang panimulang training, napakahalaga ng Kampo ng Sion sa Simbahan. Taong 1834 ang panahon para magpakita—at maghanda para sa 1838 at 1846.

Bilang mga indibiduwal at pamilya, tayo man ay susubukan, sasalain, at ihahanda, tulad ng mga miyembro ng Kampo ng Sion. Ang mga banal na kasulatan at mga turo ng mga Kapatid ay puno ng mga pangako na ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo; paggawa, paggalang, at pag-alaala sa mga sagradong tipan; at

LARAWANG KUHA NI PANGULONG BENSON SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

pagsunod sa mga utos ng Diyos ay magpapalakas sa atin upang mapaghandaan, maharap, at madaig ang mga pagsubok ng mortalidad, at matuto mula rito.

Malinaw na natukoy ng mga pinuno ng Simbahan ng Panginoon ang ilan sa palasak o ipinasang mga pagsubok sa mga henerasyon na maaasahan nating maranasan sa ating panahon at henerasyon. Bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 1977, nagbigay si Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994) ng tinig ng babala bilang propeta sa isang pulong ng mga kinatawang pangrehiyon. Babanggit ako ngayon mula sa mensahe ni Pangulong Benson at magtuon kayo sa kanyang napapanahong payo:

"Bawat henerasyon ay may mga pagsubok at pagkakataong tumayo at patunayan ang sarili. Gusto ba ninyong malaman ang isa sa pinakamahihirap nating pagsubok? Pakinggan ang mga salita ng babala ni Brigham Young, 'Ang pinakamatinding takot ko para sa mga taong ito ay ang yumaman sila sa bansang ito, malimutan ang Diyos at Kanyang mga tao, mangagsitaba, at lisanin ang Simbahan at mapunta sa impiyerno. Makakayanan ng mga taong ito ang pandurumog, pagnanakaw, karalitaan, at lahat ng uri ng pang-uusig at maging tapat. Ngunit ang mas matinding takot ko para sa kanila ay ang hindi nila makayanan ang yaman.'"

Sabi pa ni Pangulong Benson: "Tila nasa atin ang pinakamahirap na pagsubok sa lahat, dahil ang kasamaan ay mas tuso, mas matalino. Lahat ay tila di-gaanong mapanganib at mas mahirap mapansin. Habang bawat pagsubok ay naglalarawan ng pagpupunyagi, tila hindi pagsubok ang isang ito, walang pagpupunyagi kaya maaaring siyang pinaka-nakalilinlang sa lahat ng pagsubok.

"Alam mo ba kung ano ang magagawa ng kapayapaan at kaunlaran sa mga tao—Kaya silang patulugin nito. Binalaan tayo sa Aklat ni Mormon kung paano tayo ililigaw nang husto ni Satanas, sa mga huling araw, pababa sa impiyerno. May ilang potensyal na espirituwal na higante ang Panginoon sa lupa na tinipon Niya nang mga anim na libong taon upang tulungang akayin ang Kaharian sa tagumpay, at sinisikap ng diyablo na patulugin sila. Batid ng kaaway na malamang na hindi siya gaanong magtatagumpay na pagawin sila ng maraming mabigat at napakasamang kasalanan. Kaya pinatutulog sila nang mahimbing, gaya ni Gulliver, habang pinagagawa niya sila ng maliliit na kasalanan. At ano ang kabuluhan ng isang inaantok, walang epekto, at matamlay na higante bilang pinuno?

"Napakarami nating potensyal na espirituwal na higante na dapat ay mas masigasig sa pamumuno sa kanilang tahanan, sa kaharian, at sa bansa. Maraming tao na ang pakiramdam ay mabubuti silang lalaki at babae, ngunit kailangan nilang magkaroon ng silbi—matitibay na patriarch, matatapang na missionary, magigiting na family history at temple worker, dedikadong mga taong makabayan, matatapat na miyembro ng korum. Sa madaling salita, kailangan tayong yugyugin at gisingin mula sa espirituwal na pag-idlip."[7]

Isipin na ang kasaganaan, kaunlaran, at ginhawa ay maaaring mga pagsubok sa ating panahon na katumbas ng o higit pa ang tindi kaysa sa pag-uusig at mga pisikal na paghihirap na tiniis ng mga Banal na nagboluntaryong humayo sa Kampo ng Sion. Tulad ng paglalarawan ng propetang si Mormon sa kanyang maringal na buod tungkol sa paulit-ulit na kapalaluan sa Helaman 12:

"At sa gayon natin mamamasdan kung gaano kahuwad, at gayon din ang kahinaan ng mga puso ng mga anak ng tao; oo, nakikita natin na ang Panginoon sa kanyang walang hanggang kabutihan ay pinagpapala at pinananagana ang mga yaong nagtitiwala sa kanya.

"Oo, at makikita natin sa panahon ding yaon kung kailan niya pinananagana ang kanyang mga tao, oo, sa pag-unlad ng kanilang mga bukirin, ng kanilang mga kawan ng tupa at kanilang mga bakahan, at sa ginto, at sa pilak, at sa lahat ng uri ng mahahalagang bagay ng bawat uri at kasanayan; pinangangalagaan ang kanilang mga buhay, at inililigtas sila mula sa mga kamay ng kanilang mga kaaway; pinalalambot ang mga puso ng kanilang mga kaaway upang hindi sila makidigma laban sa kanila; oo, at sa madaling salita, ginagawa ang lahat ng bagay para sa kapakanan at kaligayahan ng kanyang mga tao; oo, yaon ang panahong pinatitigas nila ang kanilang mga puso, at kinalilimutan ang Panginoon nilang Diyos, at niyuyurakan sa ilalim ng kanilang mga paa ang Banal—oo, at dahil ito sa kanilang kaginhawa[h]an, at kanilang labis na kasaganaan" (Helaman 12:1–2).

Inaanyayahan ko kayo na pansinin lalo na ang huling mga kataga sa huling talata: "at dahil ito sa kanilang kaginhawa[h]an, at kanilang labis na kasaganaan."

Itinuro din ni Pangulong Harold B. Lee (1899–1973) tungkol sa palasak na pagsubok na kaluwagang kinakaharap natin sa ating panahon: "Sinusubukan tayo, pinatutunayan tayo, nagdaraan tayo sa ilan sa pinakamatitinding pagsubok ngayon at marahil ay hindi natin alam ang tindi ng mga pagsubok na pinagdaraanan natin. Sa mga panahong iyon ay may mga pagpaslang, pandurumog, pagpapalayas. Itinaboy sila sa ilang, gutom at hubad, at giniginaw. Naparito sila sa pinagpalang lupaing ito. Tayo ang mga tagapagmana ng ibinigay nila sa atin. Ngunit ano ang ginagawa natin dito? Ngayon ay nagpapasarap tayo sa marangyang buhay, na hindi pa natin nakita kailanman sa kasaysayan ng mundo. Malamang na ito na marahil ang pinakamatinding pagsubok sa lahat ng pagsubok sa atin sa kasaysayan ng Simbahang ito."[8]

Ang mga turong ito mula sa makabago at sinaunang mga propeta tungkol sa mga patunay at pagsubok sa mga huling araw ay malungkot at seryoso. Ngunit hindi ito dapat makapanghina ng loob, at hindi tayo dapat matakot. Para sa mga matang nakakakita at taingang nakaririnig, ang mga espirituwal na babala ay humahantong sa maingat na pagbabantay. Kayo at ako ay nabubuhay sa "araw ng babala" (D at T 63:58). At dahil nabalaan at babalaan tayo, tulad ng ipinayo ni Apostol Pablo, kailangan tayong "mangagpuyat sa buong katiyagaan" (Mga Taga Efeso 6:18). Kapag nagbantay at naghanda tayo, talagang hindi tayo kailangang matakot (tingnan sa D at T 38:30).

Sino'ng panig sa Diyos? Panahon na para ipakita na tayo ay may puso't isipan na tumatanggap at tutugon sa mga inspiradong babalang ito. Panahon na para ipakita na tayo ay nagbabantay at naghahandang tiisin ang mga pagsubok ng kaunlaran at kapalaluan sa mga huling araw, ng kasaganaan at ginhawa, at ng matitigas na puso at paglimot sa ating Panginoong Diyos. Panahon na para ipakita na tayo ay magiging tapat sa lahat ng oras sa anumang bagay na ipinagkatiwala sa atin ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak—at na susundin natin ang mga utos ng Diyos at mamumuhay tayo nang matwid sa Kanyang harapan (tingnan sa Alma 53:20–21).

Ang Aral tungkol sa Pagmamasid, Pagkatuto, at Pagsunod sa mga Kapatid

Ang matatag na mga Banal sa hukbo ng Panginoon ay biniyayaang magmasid, matuto, at sumunod sa mga Kapatid. At tayo ngayon ay makikinabang nang malaki mula sa halimbawa at katapatan ng matatapat na miyembro ng Kampo ng Sion.

Bilang tugon sa payo ni Parley P. Pratt, naglakbay si Wilford Woodruff papuntang Kirtland, Ohio, noong Abril 1834 upang sumama sa Kampo ng Sion. Ang salaysay ni Brother Woodruff tungkol sa una niyang pakikipag-usap kay Propetang Joseph Smith ay may itinuturo sa ating lahat:

"Dito ko nakilala at nainterbyu sa unang pagkakataon sa buhay ko ang ating pinakamamahal na si Propetang Joseph Smith, ang taong napili ng Diyos na maghatid ng Kanyang mga paghahayag sa mga huling araw na ito. Ang una naming pagkikita ay hindi nagbigay-kasiyahan sa mga haka-haka ng mga makamundong isipan kung ano dapat ang isang propeta, at kung ano dapat ang hitsura niya. Ginulat siguro nito ang pananampalataya ng ilang tao. Nakita ko siya at ang kapatid niyang si Hyrum sa labas na binabaril ang isang target gamit ang isang pares ng mga pistola. Nang tumigil sila sa pagbaril, ipinakilala ako kay Brother Joseph, at masigla niya akong kinamayan. Niyaya niya akong tumira sa bahay niya habang nasa Kirtland ako. Ang paanyayang ito ay buong kasabikan kong tinanggap, at lubos akong napalakas at napagpala sa pamamalagi ko sa bahay niya."[9]

Kapansin-pansin na si Brother Woodruff, na tumira sandali sa bahay ng Propeta at walang-dudang nagkaroon ng pambihirang pagkakataong pagmasdan ang kanyang araw-araw na gawain, ay biniyayaan ng mga matang makakakita ng higit pa sa "mga haka-haka ng makamundong isipan kung ano dapat ang isang propeta, at kung ano dapat ang hitsura niya." Ang mga maling haka-hakang iyon ay nagpapadilim sa paningin ng marami sa mundo ngayon, kapwa sa loob at sa labas ng ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon.

Dahil sa pagtawag sa akin noong 2004 na maglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol, nagkaroon ako ng malinaw at natatanging pananaw tungkol sa kahulugan ng magmasid, matuto, at sumunod sa mga Kapatid. Nakikita ko na ngayon araw-araw ang kani-kanyang personalidad, iba't ibang pagtatangi, at mararangal na pagkatao ng mga pinuno ng Simbahang ito. Iniisip ng ilang tao na ang mga

LARAWANG KUHA © *DESERET NEWS*

Mahalaga para sa ating lahat na alalahanin na maaari tayong matuto sa mga turo ng mga Kapatid at sa mga halimbawa ng kanilang buhay.

kahinaan at pagkukulang ng mga Kapatid ay nakababagabag at nagpapahina ng pananampalataya. Para sa akin, ang mga kahinaang iyon ay nagpapalakas ng pananampalataya. Ang inihayag na huwaran ng Panginoon sa pamumuno sa Kanyang Simbahan ay naglalaan at nakakabawas sa epekto ng kahinaaan ng tao. Talagang mahimala para sa akin ang masaksihan ang Panginoon na isinasakatuparan ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod sa kabila ng mga kapintasan at pagkukulang ng Kanyang piniling mga pinuno. Hinding-hindi inihayag ng mga taong ito na sila ay perpekto at hindi sila perpekto; gayunman, tiyak na sila ay tinawag ng Diyos.

Isang priest nang maglakad patungong Missouri kasama ang hukbo ng Panginoon, ipinahayag ni Wilford Woodruff kalaunan habang naglilingkod siya bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Nakamtan namin ang karanasan na hindi namin makakamtan kailanman sa ibang paraan. Nagkaroon kami ng pagkakataong . . . [m]aglakbay nang [isang libong milya] na kasama [ang Propeta], at [m]akita ang pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa kanya, at ang mga paghahayag ni Jesucristo sa kanya at ang katuparan ng mga paghahayag na iyon. . . . Kung hindi ako sumama sa Kampo ng Sion, wala sana ako rito ngayon."[10]

Noong huling Linggo ng Abril 1834, inanyayahan ni Joseph Smith ang ilang pinuno ng Simbahan na magsalita sa mga boluntaryo ng Kampo ng Sion na nakatipon sa isang paaralan. Nang makatapos ang mga kapatid sa kanilang mensahe, tumayo ang Propeta at isinaad na napatibay siya sa kanyang narinig. Pagkatapos ay nagpropesiya siya:

"Nais kong sabihin sa inyo sa harapan ng Panginoon, na hinggil sa kahihinatnan ng Simbahang ito, hindi nakahihigit ang nalalaman ninyo sa isang sanggol sa kandungan ng kanyang ina. Hindi ninyo nauunawaan ito. . . . Kakaunti lang ang nakikita ninyong [Priesthood] ngayong gabi, subalit pupunuin ng Simbahang ito ang Hilaga at Timog Amerika—pupunuin nito ang daigdig."[11]

Nakinig ang kalalakihang tulad nina Brigham Young, Heber C. Kimball, Orson Pratt, at Wilford Woodruff at marami silang natutuhan mula sa Propeta nang gabing iyon—at ilang taon kalaunan ay tumulong upang matupad ang pahayag ng propeta. Kayluwalhati ng mga pagkakataon ng kalalakihang ito upang magmasid, matuto, at sumunod sa Propeta.

Mahalaga para sa ating lahat na alalahanin na maaari tayong matuto sa mga turo ng mga Kapatid at sa mga halimbawa ng kanilang buhay. Sa pagsasaalang-alang sa kagila-gilalas na pangitain tungkol sa paglago ng Simbahan sa hinaharap na ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith, isipin sana ninyo ngayon ang kapangyarihan ng kanyang personal na halimbawa sa pagsasagawa

“Sino’ng panig sa Diyos?” Panahon na para ipakita ito sa pamamagitan ng pakikinig at pagsunod sa payo ng buhay na mga apostol at propeta na tinawag ng Diyos.

ng paulit-ulit at makamundo ngunit mahahalagang gawain. Inilarawan ni George A. Smith sa kanyang journal ang reaksyon ng Propeta sa araw-araw na mga hamon sa paglakad patungong Missouri.

“Lubos na napagod si Propetang Joseph sa buong paglalakbay. Bukod pa sa pag-aalala sa panustos sa kampo at pamumuno rito, kalimitan ay naglakad siya at nakaranas na magpaltos, magdugo at sumakit ang mga paa. . . . Ngunit sa buong paglalakbay hindi siya kailanman bumulung-bulong o nagreklamo, samantalang karamihan sa kalalakihan sa Kampo ay nagreklamo sa kanya sa pananakit ng mga daliri sa paa, paltos sa mga paa, mahabang paglalakad, kakaunting panustos, hindi masarap na tinapay, maantang mantikilya, matapang na pulot-pukyutan, inuuod na [bacon] at . . . keso, at kung anu-ano pa. Kahit pagkahol ng aso sa ilang kalalakihan ay inireklamo kay Joseph. Kung kinailangan nilang humimpil sa isang lugar na marumi ang tubig halos magkaroon ng rebelyon, ngunit kami ang Kampo ng Sion, at marami sa amin ang hindi nagdarasal, pabaya, walang-ingat, hindi makaintindi, hangal o napakahayop, gayunpama’y hindi namin alam iyon. Kinailangan kaming pagpasensyahan at turuan ni Joseph, na parang mga bata.”[12]

Si Joseph ay isang malaking halimbawa ng alituntuning itinuro ni Alma: “Sapagkat ang mangangaral ay hindi nakahihigit kaysa sa tagapakinig, ni ang guro ay nakahihigit kaysa sa mag-aaral; . . . at silang lahat ay gumagawa, bawat tao ayon sa kanyang lakas” (Alma 1:26).

Mula nang matawag ako bilang General Authority, sinikap ko nang magmasid at matuto habang dinaranas ng ilan sa aking mga Kapatid ang mga epekto ng pagtanda o walang-katapusang mga kailangang gawin sa kabila ng mga limitasyon at patuloy na pananakit ng katawan. Hindi ninyo malalaman at hindi malalaman kailanman ang lihim at tahimik na pagdurusang pinagdaanan ng ilan sa kalalakihang ito sa paglilingkod nila sa publiko nang buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas. Ang paglilingkod na kasama sina Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008), Pangulong James E. Faust (1920–2007), Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008), Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015), Elder L. Tom Perry (1922–2015), Elder Richard G. Scott (1928–2015), at ang iba ko pang kasamahang Apostol at pagmamasid sa kanila ay nagbibigay sa akin ng lakas na ipahayag nang malinaw at may awtoridad na ang mga Kapatid na kasama kong naglilingkod ay mga mandirigma—marangal at dakilang mga espirituwal na mandirigma—sa tunay at lubhang kapuri-puring kahulugan ng salitang iyan! Ang kanilang pagtitiis, pagtitiyaga, at tapang ay nagbibigay-kakayahan sa kanila na “magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo” (2 Nephi 31: 20) na nararapat nating tularan.

Nagbabala si Pangulong Lee tungkol sa karagdagang pagsubok sa lahat na nagiging mas laganap sa henerasyong ito: "Tayo ngayon ay nagdaraan sa isa pang pagsubok—isang panahon na maaari nating tawaging kamunduhan. Panahon ito na maraming matatalinong taong ayaw makinig sa mga abang propeta ng Panginoon. . . . Napakatinding pagsubok nito."[13]

Ang pagsubok sa kamunduhan ay kasama sa pagsubok ng kaunlaran at ginhawa. Napakahalaga para sa bawat isa sa atin na magmasid, matuto, at sumunod sa mga Kapatid.

"Sino'ng panig sa Diyos?" Panahon na para ipakita iyan sa pamamagitan ng pakikinig at pagsunod sa payo ng buhay na mga apostol at propeta na tinawag ng Diyos sa mga huling araw na ito na mangasiwa at mamahala sa Kanyang gawain sa lupa. Panahon na para ipakita na tayo ay naniniwala na "ang [salita ng Diyos] ay hindi lilipas, kundi matutupad na lahat, maging sa pamamagitan ng sarili [Niyang] tinig o sa tinig man ng [Kanyang] mga tagapaglingkod, ito ay iisa" (D at T 1:38). [Ipakita] ngayon. Ngayon na ang panahon!



Ang Ating Sariling Kampo ng Sion

Pagdating ng oras sa buhay ng bawat isa sa atin, aanyayahan tayong maglakad sa ating sariling Kampo ng Sion. Iba-iba ang takdang panahon ng mga paanyaya, at ang partikular na mga hadlang na maaari nating makaharap sa paglalakbay. Ngunit ang patuloy at palagiang tugon natin sa di-maiiwasang tungkuling ito ay maglalaan sa huli ng sagot sa tanong na "Sino'ng panig sa Diyos?"

Ang panahon para ipakita iyan ay ngayon, bukas, at magpakailanman. Nawa'y maalala natin palagi ang mga aral na nauugnay sa pagsubok, pagsala, at paghahanda at sa pagmamasid, pagkatuto, at pagsunod sa mga Kapatid. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal noong Education Week na, "Who's on the Lord's Side? Now Is the Time to Show," na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Hulyo 30, 2010.

MGA TALA

1. Brigham Young, sa B. H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church,* 1:370–71.
2. "Sino'ng Panig sa Diyos?" *Mga Himno,* blg. 162.
3. *The Discourses of Wilford Woodruff,* inedit ni G. Homer Durham (1946), 306.
4. "Sino'ng Panig sa Diyos?" *Mga Himno,* blg. 162.
5. Joseph Smith, sa Joseph Young Sr., *History of the Organization of the Seventies* (1878), 14; tingnan din sa *History of the Church,* 2:182.
6. Tingnan sa Alexander L. Baugh, "From High Hopes to Despair: The Missouri Period, 1831–39," *Ensign,* Hulyo 2001, 44.
7. Ezra Taft Benson, "Our Obligation and Challenge," Regional Representatives seminar, Set. 30, 1977, 2–3; typescript na hindi inilathala.
8. Harold B. Lee, "Christmas address to Church employees," Dis. 13, 1973, 4–5; transcript na hindi inilathala.
9. Wilford Woodruff, sa Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff: History of His Life and Labors* (1909), 39.
10. Wilford Woodruff, sa *The Discourses of Wilford Woodruff,* 305.
11. Joseph Smith sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2005), 28; tingnan din sa Joseph Smith, sinipi ni Wilford Woodruff, sa Conference Report, Abr. 1898, 57.
12. George A. Smith, "My Journal," *Instructor,* Mayo 1946, 217.
13. Harold B. Lee, "Sweet Are the Uses of Adversity," *Instructor,* Hunyo 1965, 217.

Pagkatutong Makinig

ANG MGA UNANG BRANCH SA SOUTH AFRICA NA MAGKAKASAMA ANG IBA'T IBANG LAHI

Nina Matt McBride at James Goldberg
Church History Department

Nangilid ang luha sa mga mata ng 56-na-taong-gulang na si Frans Lekqwati habang nakaupo sa tapat ni Olev Taim, na kanyang stake president. Katatanong pa lang sa kanya ni President Taim kung ano ang opinyon niya tungkol sa pagbubuo ng isang branch ng Simbahan sa bayang-sinilangan ni Frans sa Soweto, South Africa.

Itaas: Isang beach ang itinalaga bilang isang lugar na para lamang sa mga puti dahil sa mahigpit na pagbabawal ng apartheid sa South Africa.
Kanan: Isang protesta noong 1952 sa Johannesburg na humihiling ng kalayaan at pagkakapantay-pantay.

"Bakit ka umiiyak?" Nagdamdam ka ba?" tanong ni President Taim.

"Hindi po," sagot ni Frans. "Ngayon lang po kasi nangyari sa South Africa na hiningan ako ng opinyon ng isang puti bago siya magdesisyon."

Buhay sa Ilalim ng Pamamahala ng Apartheid

Ang taon ay 1981. Noong panahong iyon, ang mga itim at mga puti sa South Africa ay magkabukod sa sistema ng batas na kilala bilang apartheid. Ang legal na pagbubukod na ito, pati na ang pagbabawal ng Simbahan na iorden sa priesthood ang itim na kalalakihang African, ay matagal na nangahulugan na hindi uunlad ang Simbahan sa mga itim na South African. Sumilay ang bagong pag-asa noong 1978

LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

Nakibahagi ang unang itim na Relief Society president sa South Africa na si Julia Mavimbela sa groundbreaking para sa bagong gusali ng Soweto Branch noong 1991. (Tingnan ang kanyang kuwento sa kasunod na artikulo.)

nang matanggap ni Pangulong Spencer W. Kimball ang paghahayag na alisin na ang pagbabawal sa priesthood, ngunit nanatili ang mga hamon ng pagbubukod at kultura ng pagdududa sa pagitan ng mga lahi.

Karamihan sa mga itim na South African ay nakatira sa mga township, na karaniwa'y nakatayo sa labas ng bayan sa mga lungsod na puro puti ang naninirahan gaya ng Johannesburg. Ang Soweto, maikling tawag sa South Western Townships, ang pinakamalaki. Ang mga puti ay bihirang magpunta sa mga township, at ang itim na mga tao na nagpunta sa mga lungsod ay bihirang tratuhin nang parehas ng mga puti.

Si Frans at ang kanyang pamilya ay bahagi ng isang maliit na grupo mula sa Soweto na tumanggap sa ipinanumbalik na ebanghelyo noong 1970s. Noong una ay dumalo sila sa Johannesburg Ward. Naalala ng anak na lalaki ni Frans na si Jonas na gumigising ang pamilya nila nang alas-4:00 n.u. tuwing Linggo para maabutan ang isang tren na maagang nagbibiyahe patungong Johannesburg at pagkatapos ay naglalakad sila nang mahaba papuntang chapel bago magsimula ang samba nang alas-9:00 n.u. Laging maaga ang pamilya—bagama't kung minsan ay hirap manatiling gising ang mga bata sa Primary!

"Maaaring hindi tayo nagkasundo sa mga bagay na nangyayari noon sa labas ng simbahan, ngunit nagkasundo tayo sa doktrina."

Ang pagiging pioneer sa magkakasamang iba't ibang lahi ay maaaring isa ring hamon sa damdamin. Naalala ni Josiah Mohapi na naulinigan niya na may sinabing masakit ang isang anim-na-taong-gulang na batang lalaking puti tungkol samga itim na nakasalubong niya sa Simbahan. "Ang totoo, nag-init ako," paggunita ni Josiah. Pero narinig niyang sinabi ng ina sa kanyang anak, "Ang Simbahan ay para sa lahat." Napanatag sa paalalang iyon, kumalma si Josiah.

IBABA KALIWA: LARAWANG KUHA MULA KEYSTONE/GETTY IMAGES
KANANG IBABA: LARAWANG KUHA MULA POPPERFOTO/GETTY IMAGES

Isang Branch sa Soweto?

Batid ni President Taim ang pisikal at emosyonal na mga hamon na nakaharap ng mga miyembrong itim. Naisip niyang magsimula ng isang branch sa Soweto para mas madali silang makarating pero ayaw niyang madama nila na hindi sila tanggap sa Johannesburg. Nagpasiya siyang interbyuhin ang mga miyembro sa Soweto na kagaya ni Frans para malaman ang damdamin nila bago siya kumilos. Malinaw ang sagot nila sa kanya: "Gusto naming itatag ang Simbahan sa Soweto."

Tinukoy ni President Taim ang bihasang mga lider na makakapagturo sa mga bagong binyag. Nag-interbyu siya ng mahigit 200 miyembro sa Johannesburg at sa huli ay tumawag ng 40 na sasama sa bagong branch nang sapat na panahon para sanayin ang nangunang grupo ng mga lokal na lider doon.

Tulad noong tumawid ang mga miyembrong itim sa ibang bahagi ng bayan at ibang kultura para dumalo sa Johannesburg Ward, kinailangang umakma ng mga

miyembrong puti sa bagong kapaligiran at kultura nang maglingkod sila sa Soweto. Hindi palaging naging maayos ang lahat. Binalewala ito ni Maureen van Zyl, isang miyembrong puti na natawag na maglingkod bilang Primary president, nang mapili ang pambansang awit ng South Africa noon bilang pambungad na awitin sa Relief Society meeting sa linggong iyon. Gayunman, di-nagtagal ay nalaman niya na itinuturing ng mga itim na South African ang awit bilang simbolo ng apartheid at na maraming babaeng itim ang nagdamdam sa pagpili sa awitin.

"Mababago lamang natin ang ating pang-unawa sa pamamagitan ng mga karanasan. Kailangan nating lahat na maranasan ito sa buhay para magbago tayo."

Madali sanang nanghina kapwa ang mga miyembrong itim at miyembrong puti sa gayong mga di-pagkakaunawaan, ngunit sa halip ay pinili nilang ituring na pagkakataon ito na mag-usap-usap at umunlad. "Nagbahaginan kami ng lahat ng bagay," pag-alaala ni Maureen. "Bilang mga itim, kung ano ang makakasakit sa kanilang damdamin at bilang mga puti, kung ano ang makakasakit sa aming damdamin. Kung paano nila ginawa ang ilang bagay at paano namin ginawa ang ilang bagay. Kaya magandang pagkakataon iyon para sama-samang matuto."

Nang tumatag at lumaki ang branch sa Soweto, nagsimula ng mga branch sa iba pang mga township gamit ang ganito ring huwaran. Si Khumbulani Mdletshe ay isang kabataang lalaki na nakatira sa KwaMashu township malapit sa Durban. Nang sumapi siya sa Simbahan noong 1980, dala niya ang mga ideya ng mga puti na karaniwan sa lahat halos ng kabataang itim sa South Africa noong panahong iyon. Ngunit nagbago ang kanyang pananaw dahil sa kanyang mga karanasan sa pagsamba sa isang branch na magkakasama ang iba't ibang lahi.

Ang Pandikit na Nagbibigkis sa mga Tao

Noong 1982, inanyayahan si Khumbulani at ang ilang kabataang lalaki sa kanyang branch na dumalo sa isang kumperensya para sa mga young single adult. Gusto ng kanyang branch president, isang brother na puti na nagngangalang John Manford, na maging maayos ang pananamit ng mga kabataang lalaki, bagama't kakaunti lang sa kanila ang may magandang damit. Kinuha niyang lahat ang laman ng aparador niya, at ipinamahagi ang mga amerikana sa mga kabataang lalaki, na isinuot nila sa kumperensya. Nang sumunod na Linggo, isinuot ni President Manford ang amerikanang ipinahiram niya kay Khumbulani. "Hindi ko maisip na isusuot ng isang puti ang damit na naisuot ko na," paggunita ni Khumbulani, "pero hayun at suot niya. Sinimulan niyang tulungan ako na maiba ang tingin ko sa mga puti kaysa rati."

Ngayong Area Authority Seventy na siya, naobserbahan ni Elder Mdletshe, "Kinailangan nating lahat na maranasan ito sa buhay para magbago tayo."

Ang watawat ng South Africa ay ginamit noong 1994 bilang simbolo ng pagkakaisa pagkatapos ng apartheid. Ang itim, dilaw, at berde ay kumakatawan sa African National Congress, at ang pula, puti, at asul ay kumakatawan sa Boer Republics.

LARAWAN NG JOHANNESBURG SOUTH AFRICA TEMPLE

Nagwakas ang apartheid sa South Africa noong 1994. Kahit maraming kongregasyong umiiral ngayon sa mga lugar na halos puro itim o puro puti, ang ibig sabihin ng mas malaking kalayaan ay dumarami ang mga lugar na magkakasama sila. Gaya ng mga pioneer sa mga unang branch sa mga township, sumasamba at nagtutulungan ang mga miyembrong iba't iba ang pinagmulan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Inilarawan ng kasalukuyang Soweto stake president na si Thabo Lebethoa ang ebanghelyo bilang isang pandikit na nagbibigkis sa mga tao sa panahon ng paghihiwalay. "Maaaring hindi tayo nagkasundo sa mga bagay na nangyayari noon sa labas ng simbahan, sa pulitika at iba pang mga bagay," pagpuna niya, "ngunit nagkasundo tayo sa doktrina." Mula sa iisang pundasyong iyan, matututo ang mga tao sa mga pagkakaiba ng isa't isa habang nagsasanggunian silang mabuti at nakikinig nang may espirituwal na pagkasensitibo. "Isa sa pinakamahahalagang bagay tungkol sa pamumuno ay ang makinig sa mga tao," ang payo ni President Lebethoa. "Makinig para makaunawa kayo. Makinig para makadama kayo. Makinig para makatanggap kayo ng inspirasyon."

Sang-ayon si Thoba Karl-Halla, anak na babae ng naunang miyembro ng Soweto Branch na si Julia Mavimbela, na nakakatulong ang pakikinig para hindi mauwi sa masakit na paghihiwalay ang di-maiwasang pagtatalo. "Dapat akong makinig sa paraan na mauunawaan ko ang mga kabiguan ng tao na malamang na makasakit sa damdamin ko," sabi niya.

Hinimok ni Elder Mdletshe ang mga Banal sa South Africa ngayon na makasumpong ng lakas sa kanilang pagkakaiba-iba, lalo na sa mga council setting. "Magugustuhan iyan ng Panginoon," pagpuna niya, "na umupo ang mga taong iba't iba ang katayuan sa buhay sa paligid ng mesa at pag-usapan nila ang mga problema." Ang panawagan niya sa mga lokal na lider sa buong Simbahan ay patuloy na palakasin ang mga lider na iba't iba ang pinagmulan, tulad ng pagsuporta sa kanya ng nakaraang henerasyon. Sa pagsisikap na marating ang mga bagong lugar at bagong grupo, sinabi niya, "wala kayong makikitang mga taong may karanasan. Subalit magkakaroon kayo ng mga karanasan sa Simbahan. Magkakaroon kayo ng mga karanasan kapag binigyan ninyo ng tungkulin ang mga tao at pinagtulung-tulong ninyo sila." ■

Ang mga siping-banggit ay nagmula sa mga interbyung isinagawa ng mga awtor noong 2015.

Pagpapagaling sa Pinakamamahal na Bansa: Ang Pananampalataya ni Julia Mavimbela

Ni Matthew K. Heiss
Church History Department

Nakilala at pinakasalan ni Julia si John noong 1946.

Ang buhay ni Julia Mavimbela ay biglang nagbago noong 1955 nang mamatay ang kanyang asawang si Juan sa isang aksidente sa kotse. Nahiwatigan sa ebidensya sa pinangyarihan na ang ibang taong sangkot, isang puti, ay bumaling sa direksyong dinaraanan ni Juan. Subalit hindi ipinasiya ng hukuman na ang lalaking iyon ang may kasalanan. Sa halip, sinabi ng mga pulis na puti na hindi mahusay magmaneho ang mga itim, kaya kasalanan ni John ang banggaan.[1]

Si Julia ay 37 anyos noon na may apat na anak at nagdadalantao. Mali ang naging pagtrato sa kanya ng mga pulis at ng sistema ng katarungan dahil sa kulay ng kanyang balat. Subalit kalaunan ay natuto siyang huwag magpatangay sa kapaitan; sa halip, ginugol niya ang kanyang buhay sa pagsisikap na mapagaling at pagalingin ang kanyang pinakamamahal na bansa sa pamamagitan ng paglilingkod na katulad ni Cristo. Naging posible ito dahil sa kanyang pagmamahal sa lupain, pananampalataya sa Diyos, at katapatan sa pagsunod sa mga alituntunin ng kanyang pananampalataya.

Si Julia ay isinilang noong 1917, ang bunso sa limang anak. Pumanaw ang kanyang ama noong limang taong gulang si Julia. Naiwang mag-isa ang kanyang ina sa pag-aalaga sa mga anak, kaya nagtrabaho siya bilang tagalaba at katulong.

Ang ina ni Julia ay relihiyosa at tinuruan niya ang kanyang mga anak mula sa Biblia. "Tinuruan ako ng aking ina na tanggapin ang mga dagok sa buhay at hinikayat akong huwag nang lumingon sa nakaraan kundi magplano para sa hinaharap," sabi ni Julia. Naunawaan din ng ina ni Julia ang kahalagahan ng edukasyon at ginawa ang lahat gamit ang kakaunti niyang pera para tiyakin na pormal na makapag-aral ang kanyang mga anak.

Tumanggap si Julia ng iba pang training at edukasyon at nagtrabaho bilang guro at prinsipal sa paaralan hanggang sa makilala at pakasalan niya si John Mavimbela noong 1946. May groserya at tindahan ng karne si John. Tinalikuran ni Julia ang kanyang propesyon para magtrabaho roon. Magkasama silang bumuo ng isang tahanan at nagkaroon ng mga anak. Sa kabila ng mga pagbabawal ng apartheid (diskriminasyon ng mga lahing puti laban sa mga lahing itim), naging maayos ang buhay nila. Gayunman, nagbagong lahat iyon nang mamatay si John.

Sa lapida ng kanyang asawa, iniukit ni Julia ang mga salitang ito:

Sa mapagmahal na alaala ni
John Phillip Corlie Mavimbela.
Mula sa kanyang asawa at mga
kamag-anak.
Ngunit nananatili ang sakit.
Mapayapa nawa ang kanyang
kaluluwa.

Sa paglalarawan sa ikaapat na linya, sinabi ni Julia, "Habang isinusulat ito, ang nanatiling sakit ay ang pagkamuhi at kapaitan—sa lalaking naging sanhi ng aksidente, sa mga pulis na nagsinungaling, [at] sa hukumang nagpasiya na kasalanan ng asawa ko ang aksidenteng kumitil sa kanyang buhay."[2] Ang isa sa pinakamalalaki niyang pagsubok ay ang daigin ang kapaitang ito at ang galit.

Halos kamamatay lang ng kanyang asawa, "binangungot" si Julia isang gabi, at napanaginipan niya na nagpakita sa kanya si John, inabutan siya ng damit-pantrabaho, at sinabi, "Magtrabaho ka na." Nang ilarawan niya ang resulta ng panaginip na ito sinabi niya, "Nakakita ako ng paraan para hindi ko na alalahanin ang mga problema sa mga taon na ito, at iyon ay sa pamamagitan ng pagtulong sa komunidad."

Dalawampung taon kalaunan, noong mid-1970s, ang payapang mga protesta ng mga itim sa apartheid ay nauwi sa mararahas na pagbulalas ng damdamin. Isa sa mga lugar na pinangyarihan ng karahasang ito ang Soweto, kung saan nakatira si Julia. Sabi niya, "Naging kakaiba ang Soweto sa anumang lugar na alam namin—para kaming nasa digmaan."

Natakot si Julia na baka bumalik ang galit at sama ng loob niya: "Mahigit 20 taon na mula nang mamatay si

Ibaba: Noong panahon ng apartheid, nagpasimula ng isang community garden si Julia para ituro sa mga bata na "may pag-asa pa."
Kanan: Si Julia suot ang katutubong damit ng mga taga-Zulu habang naglilingkod sa Johannesburg South Africa Temple.

John, pero dama ko pa rin ang sakit ng pangyayaring iyon." Sa pagsisikap na mapagaling, kapwa siya at ang kanyang mga tao, naisip ni Julia, "Siguro kung matuturuan ko ang mga bata na magtanim, may pag-asa pa." Nagpasimula siya ng isang community garden na naging sagisag ng pag-asa para sa mga tao na puro takot at galit ang nadama.

Habang tinutulungan niya ang mga bata sa kanyang community garden, tinuturuan niya sila na: "Bungkalin natin ang lupa ng kapaitan, magtanim tayo ng binhi ng pagmamahal, at tingnan natin kung ano ang mga bungang maibibigay nito sa atin. . . . Hindi tayo matututong magmahal kapag hindi tayo nagpatawad sa iba."

Sabi niya, "Alam ko sa aking kalooban na binubungkal ko ang lupa ng sarili kong kapaitan habang pinatatawad ko ang mga taong nakasakit sa aking damdamin." Nagsimulang maglaho ang sakit na dulot ng kapaitang nanatili nang mamatay si John.

Noong 1981, nalaman ni Julia ang tungkol sa Simbahan. Ang mga missionary, na nagsasagawa ng paglilingkod sa komunidad sa Soweto, ay nakakita ng isang boys' center na kailangang-kailangan nang kumpunihin. Ilang linggo nilang nilinis ang paligid nito.[3]

Isang araw, pinaglingkod si Julia sa boys' club na iyon. Pagdating niya, nagulat siyang makita ang "dalawang binatang puti na pinapala ang kulay-kaking alikabok." Itinanong ng mga missionary kung puwede silang magpunta sa bahay niya para maghatid ng mensahe. Tatlong araw pagkaraan, nagpakita sina Elder David McCombs at Elder Joel Heaton na suot ang kanilang damit pang-missionary at name tag.

Sinabi ni Julia na ang unang dalawang lesson ng missionary ay "pumasok sa isang tainga at lumabas sa kabila." Ngunit sa ikatlo nilang pagbisita, nagtanong ang mga missionary tungkol sa retrato nina Julia at John na nakasabit sa dingding. Binanggit niya na patay na ang kanyang asawa, at nahikayat ang mga missionary na ilahad sa kanya ang plano ng kaligtasan at binyag para sa mga patay. Sabi niya, "Pagkatapos ay nagsimula akong makinig, talagang makinig, nang buong-puso. . . . Nang ituro sa akin ng mga missionary ang alituntunin ng mga walang-hanggang ugnayan, nadama ko na narito ang paraan para makapiling ko ang aking mga magulang at asawa." Nabinyagan si Julia makalipas ang limang buwan.

Isang buwan matapos siyang mabinyagan, nagsalita si Julia sa stake conference. "Nang maglakad ako papunta sa pulpito," sabi niya, "palagay ko halos lahat ay nagulat. Iyon ang unang pagkakataon nilang makakita ng isang itim na tao na nagsasalita sa kumperensya—siguro'y ilan sa mga noon lang nakarinig na magsalita ang isang itim sa mga tao." Nahikayat siyang magsalita tungkol sa pagkamatay ng kanyang asawa at ang mga taon ng paghihirap niya. Inilarawan niya ang kanyang kapaitan at kung paano niya "natagpuan ang simbahan sa huli na puwedeng magturo sa akin na tunay na magpatawad."

Gayunman, hindi pa tapos ang kanyang mga paghihirap sa di-pagkakaunawaan at maling palagay, kahit nagwakas na ang apartheid noong 1994.

Ikinuwento ni Elder Dale G. Renlund ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2015 na, "Patuloy na Nagsisikap ang mga Banal sa mga Huling Araw," ang isang karanasan ni Julia at ng kanyang anak na si Thoba na "hindi maganda ang trato sa kanila ng ilang miyembrong puti." Nagreklamo si Thoba sa pagtrato sa kanila. Ang madali sanang gawing dahilan para talikuran ang Simbahan, ay naging isang walang-katumbas na sandali ng pagtuturo. Sumagot si Julia, "Ah, Thoba, ang Simbahan ay parang malaking ospital, at lahat tayo ay may kani-kanyang sakit. Nagsisimba tayo para matulungan."[4]

Natuklasan ni Julia na posibleng gumaling sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo, hindi lang para sa kanyang sarili, kundi para din sa kanyang bansa. Natutuhan niya sa kanyang paglilingkod sa Johannesburg South Africa Temple na sa templo, "hindi nagkakaiba ang mga tao dahil sa lahi nila. Hindi nagkakaiba ang mga tao dahil Ingles ang wika nila. Hindi nagkakaiba ang mga tao dahil Situ o Zulu ang wika nila. Madarama mo ang pagkakaisa."

Namatay si Julia Mavimbela noong Hulyo 16, 2000. ■

MGA TALA

1. Maliban kung iba ang nakasaad, ang mga siping-banggit ay nagmumula kay Laura Harper, "'Mother of Soweto': Julia Mavimbela, Apartheid Peace-Maker and Latter-day Saint," manuskritong hindi inilathala, Church History Library, Salt Lake City.
2. Sa teksto ng Harper, ang salitang *lamp* ang ginamit sa halip na *lump*. Gayunman, kinumpirma ni Thoba na ang salitang nakaukit sa lapida ay *lump*.
3. Mula sa David Lawrence McCombs, interbyu sa awtor, Ago. 25, 2015.
4. Dale G. Renlund, "Patuloy na Nagsisikap ang mga Banal sa mga Huling Araw," *Liahona,* Mayo 2015, 57.

MGA LARAWANG KUHA SA KAGANDAHANG-LOOB NI THOBA ELIZABETH MAVIMBELA KARL-HOLLA
LARAWAN NI JULIA BILANG TEMPLE WORKER SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

Desideria Yáñez:
ISANG PIONEER SA KABABAIHAN

Ni Clinton D. Christensen
Church History Department

Matapos ang isang panaginip na umakay sa kanya sa ipinanumbalik na ebanghelyo, ang naunang Banal sa mga Huling Araw mula sa Mexico ay naging isang matatag na pioneer ng Simbahan.

Isang gabi noong mga unang taon ng 1880, natulog si Desideria Yáñez sa isang komportableng bayan sa kaburulang naliligiran ng cactus sa Nopala, Mexico. Sa panaginip, nakita niya ang isang polyetong pinamagatang *Voz de Amonestación (Tinig ng Babala)* na magpapabago sa kanyang buhay at tutulong sa kanya sa espirituwal. Nang magising siya, alam niya na ang mga lalaking naglalathala ng polyeto ay nasa Mexico City.[1] Natanto rin niya na imposibleng lakbayin niya ang 75 milya (120 km) patungong lungsod, ngunit determinado siyang sundin ang mga paramdam ng panaginip at makahanap ng solusyon.

Ang Pananampalataya ng Isang Pamilya

Ikinuwento ni Desideria ang kanyang panaginip sa kanyang anak na si José. Naniwala ito sa kanya at naglakbay patungong Mexico City sa halip na siya. Sabik siyang nagsimulang makipag-usap sa mga tao at kalaunan ay nakilala ang miyembro ng Simbahan na si Plotino Rhodakanaty, na pinapunta siya sa Hotel San Carlos.[2]

Sa hotel, nakita ni José si Elder James Z. Stewart na itinatama ang manuskrito ni Parley P. Pratt na *Voz de Amonestación*, na siya ring polyetong nakita ni Desideria sa panaginip. Matapos kausapin ni José si Elder Stewart tungkol sa panaginip ni Desideria, binigyan ng missionary si José ng ilang iba pang polyeto ng Simbahan, dahil hindi pa tapos ang *Voz de Amonestación*, at isinulat ni Elder Stewart ang nakatutuwang pag-uusap nila sa kanyang journal.[3]

Maraming maalikabok na milya kalaunan, nagbalik si José sa kanyang ina. Nang malaman na totoo ang polyeto, nalaman ni Desideria na totoo nga ang panaginip. Binasa niya ang mga polyetong dinala ni José sa kanya, at ang naroong mahahalagang turo ng ebanghelyo ay umantig sa kanyang kaluluwa. Ginusto niyang magpabinyag.

Natagpuan ng Isang Missionary

Dahil tinatapos pa ni Elder Stewart ang *Voz de Amonestación,* pinapunta si Elder Melitón Trejo, isang missionary mula sa Spain, sa Nopala para hanapin sina Desideria at José. Noong Abril 22, 1880, bininyagan ni

MGA PAGLALARAWAN NI KATHLEEN PETERSON

Elder Trejo sina Desideria Quintanar de Yáñez, José Maria Yáñez, at ang anak ni José na si Carmen. Si Desideria ang ika-22 taong bininyagan sa Mexican Mission at ang unang babae sa gitnang Mexico.[4]

Kalaunan sa buwang iyon, muling bumisita si José sa Mexico City at umuwi na may dalang 10 kopya ng *Voz de Amonestación*. Sa wakas ay nakita rin ni Desideria ang polyetong nakita niya sa panaginip. Para sa kanya ang polyeto ay pisikal na paalala kung paano siya personal na tinulungan at inakay ng Panginoon sa ipinanumbalik na ebanghelyo.

Ang Unang Aklat ni Mormon sa Wikang Espanyol

Sa edad na 72, nalaman ni Desideria na lumalala ang lagay niya. Pagsapit ng 1886 naratay siya sa kanyang munting tahanan sa San Lorenzo malapit sa Nopala. Isang nakakatakot na gabi, pinasok ng mga magnanakaw ang bahay niya, binugbog siya, at tumakas na may tangay na $3,000.[5] Nakaligtas si Desideria. Sa halip na mawalan ng pag-asa, naghintay nang may pananampalataya si Desideria sa tulong ng Panginoon. Nalaman na niya sa kanyang panaginip na batid ng Panginoon ang kanyang sitwasyon.

Pagkatapos noong Oktubre 1886, isang Apostol at dalawang mission president ang bumisita nang di-inaasahan sa lugar. Ikinuwento ni José Yáñez sa kanila ang pagdurusa ng kanyang ina. Agad nagpunta ang mga kapatid sa bahay ni Desideria. Tuwang-tuwa si Desideria na makilala si Elder Erastus Snow ng Korum ng Labindalawang Apostol at nagpatong ito ng mga kamay sa kanyang ulo para sa basbas ng priesthood.

Sa pagbisita ng mga kapatid, sinorpresa ng bagong mission president na si Horace Cummings si Desideria sa mahalagang balita. Sinabi nito sa kanya na ang unang pagsasalin ng buong Aklat ni Mormon sa wikang Espanyol ay malapit nang matapos sa Salt Lake City. Agad humiling si Desideria ng kopya ng parating na banal na kasulatan.

Isang buwan pagkaraan, bumalik si President Cummings sa bahay ni Desideria na may dalang isang kopya. Tungkol sa karanasan, isinulat niya: “Binisita ko ang matandang si Sister Yáñez, isang lumpo, at binigyan ko siya ng isang Aklat ni Mormon na wala pang balat kaya ako nagpadala niyon sa Utah. Iyon ang una sa wikang Espanyol na natanggap sa Mexico. . . . Tila labis siyang nasiyahan dito.”[6] Ito ang huling pagbisita ng isang missionary kay Desideria noong nabubuhay pa siya.

Nakabukod ngunit Hindi Nalimutan

Noong 1889, 10 taon lang matapos dumating ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa gitnang Mexico, nahikayat ang mga lider ng Simbahan na gamitin ang limitadong yaman ng Simbahan sa pagtatatag ng mga kolonya sa hilagang Mexico. Pakiramdam ng mga miyembrong malapit sa Mexico City, mga 1,000 milya (1,600 km) mula sa mga kolonya, ay para silang mga tupa na walang pastol nang magpunta ang mga missionary sa hilaga. Bagama’t nakapaligid pa sa kanya ang kanyang pamilya, alam ni Desideria na kailangan nilang ipamuhay ang ebanghelyo nang hiwalay. Ibig sabihin nito ay hindi siya makakasapi kailanman sa Relief Society o makatatanggap ng mga pagpapala ng templo habang siya’y buhay.

Ngunit naunawaan niya na kilala siya ng Panginoon. Sa pamamagitan ng Kanyang mga lingkod, ipinaalam ng Panginoon ang Kanyang hangarin na isa-isang paglingkuran ang Kanyang kawan. Dahil sa kanyang panaginip,

sa basbas ng priesthood, at sa Aklat ni Mormon, mapapatotohanan ni Desideria ang kanyang lubos na katiyakan na nagmamalasakit ang Diyos sa kanyang mga espirituwal at temporal na pangangailangan. Bagama't hindi nahadlangan ng kaalamang ito na magkaroon siya ng mga pagsubok at hamon sa buhay, nagtiwala naman siya na laging pagagaanin ng Panginoon ang kanyang mga pasanin.

Isang Walang-Maliw na Pamana

Noong 1903, bumalik ang mga missionary sa katimugang Mexico sa unang pagkakataon simula noong 1886. Kinausap nila si José, na ikinuwento ang pagtitiis ni Desideria hanggang wakas at pamana ng pananampalataya sa pagsasabi na ang kanyang asawa at ang kanyang ina ay "namatay na lubos na nananalig sa Mormonismo" at na "inaasam niyang mamatay na nananalig sa Mormonismo."[7]

Matapos matupad ang kanyang panaginip, nagsimulang tumahak si Desideria sa landas ng ebanghelyo, at naging Latinang pioneer ng Simbahan. Hindi nasayang ang binhi ng pananampalatayang naitanim ng isang panaginip noong 1880; umusbong ito nang magpabinyag si Desideria at magtiis sa kanyang mga pagsubok nang may pananampalataya. Mabilis sanang naglaho ang pananampalataya ni Desideria nang ipamuhay ng kanyang pamilya ang ebanghelyo nang hiwalay sa iba pang mga miyembro ng Simbahan, ngunit nagtiis siya. Alam niya na nagmamalasakit at nagbabantay ang Diyos sa munting bahagi niya sa mundo.

Bagama't hindi siya makaalis ng bahay, naging halimbawa siya ng pananampalataya, kasigasigan, pagsunod, at katatagan hindi lamang sa kanyang pamilya kundi maging sa bawat isa sa atin na naghahangad na ipagpatuloy ang sigla ng isang pioneer. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Alonzo L. Taylor Mission Papers, Hulyo 10, 1903, at Mexican Mission Manuscript History and Historical Reports, Hulyo 7, 1903, Church History Library, Salt Lake City.
2. Tingnan sa Taylor Mission Papers, Hulyo 10, 1903, at James Z. Stewart Papers, Peb. 17, 1880, Church History Library.
3. Tingnan sa Stewart Papers, Peb. 17, 1880.
4. Tingnan sa Moses Thatcher, Journal, Nob. 20, 1879, at Stewart Papers, Abr. 26 at Hunyo 20, 1880, Church History Library. Si Desideria ang unang babaeng nabinyagan matapos buksan ang Mexican Mission noong 1879 sa Mexico City. Gayunman, isang maikling misyon sa hilagang lungsod ng Hermosillo noong 1877 ang nagresulta sa binyag ng limang tao sa isang kalapit na nayon, kabilang na si Maria La Cruz Paros, ang unang kilalang Mexican na babaeng convert. Nakalista sa mga talaang nilikha ni Moses Thatcher sa Official Mexican Mission si Desideria Yáñez bilang unang babaeng convert, samantalang ang totoo ay siya ang pangalawa. Tingnan din sa Louis Garff Reminiscences, walang petsa, Church History Library.
5. Tingnan sa Horace H. Cummings Papers, Okt. 24, 1886, Church History Library.
6. Cummings Papers, Nob. 29, 1886.
7. Taylor Mission Papers, Hulyo 10, 1903.

Pagpapalaki sa Aming Anak na
KATUWANG ANG DIYOS

Nang matutuhan kong gamitin ang mga espirituwal na yamang makukuha ko, nagkaroon ako ng maraming ideya tungkol sa mga paraan para matulungan ang anak ko at mas harapin ang sarili kong pagsubok.

Ni Kami Crookston

Ang pananaw ko tungkol sa pagiging magulang ay ang magkaroon ng napakababait na anak na laging maganda ang pananamit at hindi kailanman nagurumihan. Agad kong natanto na ang imaheng itinangi ko ay imahinasyon ko lamang. Nagawa ko nang tanggapin ang magulong bahay ko at ang mga ilong na may sipon dahil alam ko na kaakibat nito ang kamangha-manghang mga pagpapalang matatanggap ko. Pero ang hindi ko maisip-isip ay ang hirap na daranasin ko sa pagpapalaki sa aking mga anak, lalo na sa anak kong si Brad.

Isinilang si Brad na inosente tulad ng sinumang bata, ngunit hindi nagtagal ay natanto namin na kakaiba siya. Hindi siya makapunta sa nursery nang hindi kasama ang asawa ko o ako dahil masyado siyang agresibo. Nang lumaki na siya at makipaglaro sa ibang mga bata, kinailangan siyang bantayan palagi. Nang humingi kami ng tulong, sinabihan kami na kailangan lang naming disiplinahin siya palagi. Ginawa namin ang lahat ng maiisip namin: nagsaliksik kami online, nagbasa ng mga aklat tungkol sa pagiging magulang, at nagtanong sa mga doktor at kapamilya. Sa huli, nang magsimula nang pumasok si Brad sa paaralan, natuklasan na siya ay may attention deficit hyperactivity disorder, o ADHD, at marami pang ibang problema.

Sa unang pagkakataon nadama namin na may pag-asa pa kami. Ngayong natuklasan na ang sakit niya, masisimulan na namin siyang ipagamot. Umasa kami na tutugon nang maayos si Brad sa isang gamot na nakatulong sa iba. Sa kasamaang-palad, naging mas masahol pa ang ugali ni Brad dahil sa gamot kaysa noong wala pa ito, kaya kinailangan niyang itigil ang pag-inom nito. Pakiramdam ko naglaho ang huling pag-asa ko.

Isang araw noong anim na taon na si Brad, naranasan ko ang isa sa marami niyang araw-araw na pagwawala. Ginusto kong sumuko. Pumasok ako sandali sa aking silid para mapag-isa, at tumulo ang mga luha ko sa aking mga pisngi. Ipinagdasal ko na magkaroon ako ng lakas na harapin ang papalapit na karaniwang oras ng pagtulog. Paano ko ipagpapatuloy



Nagsaliksik na kaming mag-asawa at marami kaming natuklasang mapagkukunan namin ng tulong, pero nalimutan namin ang pinakamahalaga: panalangin.

ang ginagawa kong ito, araw-araw? Pakiramdam ko sobra na ang tinitiis ko. Naunawaan ba ng Ama sa Langit kung gaano ito kahirap? Kung talagang mahal Niya ako, pangangatwiran ko, aalisin Niya ang pasaning ito sa akin at bibigyan ng normal na buhay ang anak ko. Pumalibot sa akin ang mga ideya at damdaming iyon habang lumalala ang pagsubok na nakaharap ko sa halip na bumuti.

Ang Likas na Katangian ng mga Pagsubok

Akala ko naunawaan ko ang mga pagsubok. Pagdaraanan namin dapat iyon na parang palayok na pinaiinitan sa tapahan. Sasalang at aalis kami sa apoy, pagkatapos ay babalik na sa normal ang buhay hanggang sa susunod na pag-iinit at pagtitimpla. Pero ilang taon ko nang dinaranas ang pagsubok na ito, at hindi ito nawawala. Nabigatan na ako, at nadama ko na wala akong magagawa kaya lumuhod ako para manalangin.

Nalaman ko noon na ang lugar na kailangan kong puntahan para mapanatag at makaunawa ay ang templo. Sa pamamagitan ng inspirasyon, natanto ko na hindi natin mapipili ang mga pagsubok sa buhay na ito o gaano katagal ang mga ito. Ang makokontrol natin ay ang paraan ng ating pag-iisip at pagkilos pagdating ng mga pagsubok.

Natanto ko na kaya ako naaawa sa sarili ko ay dahil tinulutan kong mapuno ng awa sa sarili ang aking isipan. Ang unang ipinasiya kong gawin ay itigil ang mga negatibong ideya sa isipan ko, tulad ng "Hindi patas ito," "Hindi ko ito magagawa," "Bakit ba hindi maging normal si Brad?" o ang pinakamasama, "Napakasama kong ina." Pinagsikapan kong pigilin ang negatibong tinig sa utak ko, at nakita ko na naging mas mapagpasensya at mapagmahal ang tunay na tinig ko kapag kaharap ko ang mga anak ko.

Hinikayat ko ring maging positibo ang pag-iisip ko. Sinimulan kong isipin na, "Maganda ang ginagawa mo," at pinupuri ko ang sarili ko, tulad ng "Mahina ang boses mo at hindi ka sumigaw. Tama iyan!"

Umasa sa Diyos

Pagkatapos ng isang napakahirap na araw, nagpabasbas ako sa asawa ko. Habang binabasbasan ako naalala ko na ako ay anak ng Diyos, na batid Niya ang nangyayari sa akin at ang mga pangangailangan ko, at na ang anak ko ay anak ng Diyos. Si Brad ay anak muna ng Diyos, at kaming mag-asawa ay katuwang ng Diyos para sa kapakanan ni Brad. Natanto ko na matagal ko nang hindi ginagamit ang lahat ng kasangkapang inilalaan ng pagtutuwang na ito sa akin. Nagsaliksik na kaming mag-asawa at marami kaming natuklasang mapagkukunan namin ng tulong, pero nalimutan namin ang pinakamahalaga: panalangin.

Sinimulan kong ipagdasal araw-araw kung paano ko matutulungan si Brad. Kapag nagwawala siya, sumasambit ako ng maikling panalangin para sa inspirasyon bago ko siya lapitan. Nang umasa ako sa Diyos para sa suporta at inspirasyon para sa aking anak, naunawaan ko kung anong papel ang maaari kong gampanan at ano ang magagawa ko para sa kanya. Sinikap kong sundin ang sinabi ni Alma: "At ito ang aking kaluwalhatian, na baka sakaling ako'y maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos" (Alma 29:9).

Nagkaroon kaagad ng mga pagbabago. Marami akong naisip na mga ideya at paraan para matulungan si Brad. Kinasangkapan ko ang family home evening at ipinagdasal ko na makaisip ako ng mga ideya kung ano ang ituturo. Nagbasa rin ako ng mga banal na kasulatan nang mas makabuluhan at naunawaan ko ang magandang payo roon tungkol sa pagiging magulang. Napuspos ako ng pag-asa at kapanatagan.

Habang patuloy kong ipinamumuhay ang ideya na kaming mag-asawa ay mga katuwang ng Diyos sa pagiging magulang

sa aming mga anak at ginagamit ang mga kasangkapang naibigay Niya sa atin, mas lalo akong umasa sa Diyos. Natanto ko na hanggang doon lang ang kaalaman ko tungkol sa pagiging magulang, ngunit matutulungan ako ng mapagmahal na Ama sa Langit, na nakakaalam sa lahat ng bagay at mahal ang anak ko nang higit sa pagmamahal ko, na maging mas mabuti at mas matatag na ina. At bagama't nasisiraan pa rin ako ng loob kung minsan, alam ko kung saan hihingi ng tulong. Nauunawaan ko na ngayon na may ilang pagsubok na maaaring magtagal, ngunit kung magtutuon ako sa kawalang-hanggan, tutulungan ako ng Diyos.

Magalak sa Maliliit na Sandali

Sa mga panahon ng paghihirap, natuto akong gumugol ng oras para magalak sa maliliit na sandali—sa mga kaloob—na ibinibigay sa atin. Kapag hindi mapigilan ng anak ko na hagkan ako, nagpapasalamat ako. Nang masdan kong sumakay ng bus ang anak ko na walang makatabi, pinagpala akong maisip ang talatang ito: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88). Alam ko na si Brad ay hindi nag-iisa at hindi kailanman mag-iisa.

Tayo ay isang walang-hanggang pamilya, at sa tulong ng mga taong nagmamahal sa atin at sa pagbabantay sa atin ng ating mapagmahal na Ama sa Langit, mapapasalamatan ko ang maliliit na kaloob na ibinibigay sa akin araw-araw at madama ang kagalakan at kaligayahan na nararapat na mapasaatin. At sa maliliit na pagpapalang iyon at sa tulong ng Panginoon, maaari akong maging katulad ng nararapat sa akin, gaano man katagal ito mangyari. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Nang binyagan si Murilo sa edad na 16, tutol dito ang kanyang buong pamilya. Nang matanggap niya ang tawag na magmisyon, itinapon ng kanyang mga magulang ang kanyang damit-pangsimba at hindi siya pinaglingkod sa misyon. Kalaunan ay tumulong siyang dalhin ang kanyang pamilya sa Simbahan, ngunit nadama pa rin niya na hindi siya karapat-dapat dahil hindi siya nakapagmisyon.

CODY BELL, RETRATISTA

Murilo Vicente Leite Ribeiro

Goiânia, Brazil

Mahirap para sa akin ang maging isang binata at hindi makapagmisyon. Pakiramdam ko ay mas mahina ako kaysa mga kaibigan ko na nakaalis na para magmisyon, at pakiramdam ko ay nag-iisa ako sa simbahan. Akala ng ilang tao, hindi ako nagmisyon dahil hindi ako karapat-dapat. Pero ginawa ko ang lahat para manatiling matatag ang pananampalataya ko.

Makalipas ang ilang taon kinausap ko si Elder Jairo Mazzagardi ng Pitumpu nang dumating siya para muling iorganisa ang stake namin. Tinanong niya ako tungkol sa aking misyon.

"Hindi po ako nagmisyon," sabi ko na nagsisimula nang umiyak.

"Brother Murilo," sabi niya, "kalimutan mo na ang nakaraan; tumingin ka sa hinaharap. Sinumang lumilingon sa nakaraan ay naglalakad paatras, at sinumang nakatingin sa hinaharap ay lumalakad nang pasulong. Malinis ka na."

Parang anim na tonelada ang pasaning nawala sa likod ko.

Pinabalik niya ako na kasama ang asawa ko at tinawag akong maglingkod bilang stake president.

Basahin ang iba pa tungkol sa kuwento ni Murilo sa *Liahona* online sa **lds.org/go/71738.**

Nagsimula akong magpasada ng jeepney at magtrabaho bilang ahente para matustusan ang aming mga pangunahing pangangailangan.

WALANG-WALA NGUNIT PUSPOS NG PANANAMPALATAYA

Matapos maglingkod sa Philippines Cagayan de Oro Mission, desidido akong sundin ang payo ng propeta at mga apostol na makasal sa templo. Sabi ng karamihan sa mga kamag-anak at kaibigan kong hindi miyembro ng Simbahan, at maging ng ilang miyembro, dapat muna akong magtapos ng pag-aaral o magkaroon ng magandang trabaho bago ko isiping mag-asawa. Wala ako ng anuman sa mga iyon nang itakda ang kasal ko.

Kinabahan ako, ngunit naalala ko ang kuwento tungkol kay Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) nang matanggap niya ang tawag na magmisyon sa England. Naghanda siyang umalis noon sa gitna ng mga problema sa ekonomiya at mga alalahaning bumagabag sa kanya. Bago siya umalis, inabutan siya ng kanyang ama ng isang kard na may nakasulat na limang salita: "Huwag matakot, manampalataya ka lamang" (Marcos 5:36). Naaalala ko rin ang mga salita ng bishop ko: "Manampalataya. Ang Diyos ang maglalaan." Ang mga salitang ito ay nagbigay sa akin ng tapang at lakas na sumulong.

Bagama't walang-wala ako, pinakasalan ko ang maganda kong nobya sa Manila Philippines Temple. Hindi nagtagal pagkatapos niyon, nagsimula akong magtrabaho sa isang kumpanya na pinagtrabaho ako tuwing Linggo. Gusto kong panatilihing banal ang araw ng Sabbath, kaya hindi ako nagtagal sa trabahong ito. Maraming nagtaka kung bakit ako nagbitiw sa trabaho, ngunit nagpatuloy ako, na inuulit sa aking sarili ang mga salitang "Manampalataya. Ang Diyos ang maglalaan."

Nagsimula akong magpasada ng jeepney at magtrabaho bilang ahente para matustusan ang mga pangunahin naming pangangailangan at paghandaan ang pagsilang ng aming unang anak. Napansin ng asawa ko na pagod na pagod ako sa pagsisikap na matustusan ang aming pamilya. Sabi niya kailangan ko raw magaral ulit, pero naisip ko na mahihirapan akong pagsabay-sabayin ang trabaho, paglilingkod sa Simbahan, at pag-aaral.

Tama ako; mahirap *nga* iyon. Ngunit ginawa namin ang aming makakaya para masunod ang mga kautusan. Madalas kaming kulangin sa panggastos, ngunit sa tulong ng Perpetual Education Fund ng Simbahan, nakatapos ako ng pag-aaral bago isinilang ang pangalawa naming anak. Nakahanap ako ng trabaho bilang guro sa hayskul at kalaunan ay naging seminary at institute coordinator ako.

Sa pagsunod sa payo ng propeta at iba pang mga lider ng Simbahan, natanto ko na ang pag-aasawa ay nagbibigay ng magagandang pagkakataon para umunlad sa espirituwal at mahusto ang isipan. Naging mapalad ako dahil sa aking pag-aasawa at sa ebanghelyo.

Hindi natin kailangang matakot, maging sa pinakamahihirap na sitwasyon. Kailangan lang nating gawin ang ating makakaya at tandaan ang mga salitang ito: "Manampalataya. Ang Diyos ang maglalaan." ■

Richard O. Espinosa, Tarlac City, Philippines

PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

NAPANATAG MATAPOS MAKUNAN

Noong labingwalong linggo na ang pang-apat kong pagdadalantao, nagising ako na may kaunting pagdurugo. Kinabahan ako nang hindi tumigil ang pagdurugo, kaya't nagpasiya akong pumunta sa emergency room.

Sa mahabang biyahe patungong ospital, inasam at ipinagdasal ko na maging maayos ang lahat. Ang pinakamasama, akala ko papayuhan ako ng doktor na magpahinga nang ilang araw.

Nang ipasok ako sa ospital, nagsagawa ng ilang pagsusuri ang mga empleyado roon. Nalaman nila na hindi tumitibok ang puso ng sanggol. Lumabas sa pagsusuri na "namatay ang sanggol sa sinapupunan." Wala nang magawa ang doktor sa puntong iyon, kaya pinalabas na niya ako ng ospital.

Umuwi akong malungkot at takot. Hindi ako nakatulog nang gabing iyon. Paggising ko kinaumagahan, nahikayat akong magpunta sa isang early-morning endowment session sa templo.

Bago natapos ang sesyon, natuon ang tingin ko sa wedding ring at engagement ring na nakasuot sa aking palasingsingan. Pag-aari ang mga iyon ng aking lola-sa-tuhod kung kanino isinunod ang pangalan ko. Pumanaw siya noong ako ay limang taong gulang, at kamakailan lang ay binasa ko ang kuwento ng kanyang buhay. Naalala ko na maraming ulit siyang nakunan noong nasa 20s ang edad niya.

Buong umaga kong pinaglabanan ang mga luha ng kalungkutan at takot, ngunit sa sandaling iyon, nakadama ako ng kapayapaan. Napanatag ako. Nagdaan din ang aking lola-sa-tuhod sa ganitong mga pagsubok sa buhay niya, at natulungan siya ng Tagapagligtas. Nakadama ako ng katiyakan na tutulungan Niya rin ako.

"Dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan" (Alma 7:12).

Lubos akong nagpapasalamat sa kapayapaang nagmumula sa pagdalo sa templo, sa isang pamana ng matatapat na ninuno, at higit sa lahat, sa nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas na si Jesucristo. ■

Emily Miller, Texas, USA

Ang aking wedding ring at engagement ring ay dating pag-aari ng aking lola-sa-tuhod. Naalala ko na maraming ulit siyang nakunan.

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

PAGPAPAANGKAS AT PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO

Ang pagdaan sa kabukiran ng England ay tahimik at payapa habang nagmamaneho ako papuntang simbahan isang Linggo ng umaga. Habang daan nakita ko ang isang matandang babae sa tabi ng kalsada. Kinailangan kong magpasiya kaagad kung hihinto ako para tingnan kung gusto niyang makiangkas.

Nadama ko na dapat akong humin-to. Sinabi niya sa akin na siya si Mary at kadarating lang niya sa lugar na iyon. Napagtanto ko na kung nahuli siya nang ilang segundo o napaaga ako nang ilang segundo, baka hindi kami nagkita. Tiyempo talaga iyon!

Sinabi niya sa akin kung saan siya patungo, at malapit iyon sa chapel. Binanggit ko na papunta ako sa simbahan at itinanong ko kung nakabalita na siya tungkol sa Simbahan. Sumasampalataya raw siya sa Tagapagligtas pero kakaunti lang ang alam niya tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw. Sa daan ibinahagi ko ang ebanghelyo sa kanya.

Nang bumaba na si Mary, sinabi ko na puwede ko siyang isabay ulit pagkagaling ko sa simbahan. Pumayag siya, at nagkasundo kaming magkita sa chapel. Pagpasok ko sa simbahan, hinanap ko ang mga missionary at humingi ako ng kopya ng Aklat ni Mormon para ibigay sa bago kong kaibigan. Kalaunan, nang dumating siya sa chapel, kinaibigan siya ng mga miyembro at ibinahagi sa kanya ang kanilang patotoo.

Sa biyahe pabalik sinabi ko kay Mary na maaari niyang malaman ang iba pa tungkol kay Jesucristo sa pagbabasa ng Aklat ni Mormon. Sinabi ko rin sa kanya kung saan matatagpuan ang kuwento tungkol sa pagpapakita ng Tagapagligtas sa mga Nephita. Bagama't sandali lang niya nakausap ang mga Banal sa mga Huling Araw, alam ko na may nadama siya. Inihatid ko si Mary kung saan kami unang nagkita. Hindi ko inasahang makita siyang muli.

Habang nagmamaneho ako pauwi mula sa trabaho kinabukasan, nakakita ako ng detour sa daanan kaya napilitan akong dumaan sa isang kalsadang hindi ko karaniwang dinaraanan. Nagulat ako nang makita kong muli si Mary! Nang makita niya ako, ngumiti siya. Masaya ako na mapaangkas siyang muli.

Hindi ko pa nakikitang muli si Mary simula noon, ngunit tuwing maaalala ko ang karanasang ito, nagpapasalamat ako sa Panginoon na binigyan Niya ako ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo. Alam ko na binibiyayaan tayo ng Panginoon sa Kanyang perpektong takdang panahon. ■

Michael Curran, Gloucester, England



PAGLALARAWAN NI ALLAN DAVEY

Napagtanto ko na kung nahuli siya nang ilang segundo o napaaga ako nang ilang segundo, baka hindi kami nagkita.

NAGHATID NG LIWANAG ANG MGA ANGHEL SA AKING TAHANAN

Isang Linggo ng umaga tinanong ako kung gusto kong dalawin ako ng home teachers. Kadidiborsyo ko lang kamakailan at nahihirapan akong harapin ang bago kong buhay bilang nag-iisang ina na may dalawang maliliit na anak. Sinabi ko na ikasisiya kong madalaw. Noong panahong iyon, masama ang loob ko sa sitwasyon ko at pakiramdam ko ay nag-iisa ako sa mga paghihirap ko.

Nang sumunod na linggo, dalawang mababait na miyembrong lalaki ang dumating sa aking tahanan. Sa kanilang pagbisita itinanong nila ang karaniwang mga tanong at nagbahagi ng maikling mensahe ng ebanghelyo sa pamilya ko.

Pagkatapos ay itinanong ng mababait na lalaki sa akin, "Sister Nereida, ano ang maitutulong namin sa iyo?"

Dahil hindi ko gaanong inisip ang tungkol doon, sinabi ko sa kanila na pundido ang mga bombilya sa may hagdanan paakyat sa ikalawang palapag. May ipapalit akong mga bombilya, pero napakataas ng pagkakabitan para mapalitan ko iyon, at takot akong gumamit ng hagdan sa may hagdanan. Sinabi ko rin sa kanila na walang gumaganang ilaw sa likod-bahay.

Agad silang tumayo. Nagpunta ang isa sa kotse niya at nagbalik na may dalang tool chest. Halos anim at kalahating talampakan (1.9 m) ang taas niya, kaya umakyat siya ng hagdanan at pinalitan ang bombilya nang walang anumang problema. Samantala, nagpunta naman ang kasama niya sa likod-bahay at napansin nito na baligtad ang koneksyon ng kawad. Mabilis niya itong nakumpuni.

Malaki ang pasasalamat ko sa home teachers ko sa pagdaan ng mga taon sa simpleng pagpapakita nila ng kabaitan, pagmamahal, at dedikasyon at sa napakagandang aral na itinuro nila sa akin. Tunay na mga anghel ang home teachers ko na hindi lang naghatid ng liwanag sa aming tahanan kundi maging ng kapayapaan, pag-asa, at kaligtasan sa ebanghelyo, na naghahatid ng liwanag sa anumang uri ng kadiliman. ■

Nereida Santafe, Gran Caracas, Venezuela

ANG TANGING BAGAY NA NAGLIGTAS SA AKIN

Ni Shuho Takayama ayon sa pagkakuwento kay Ana-Lisa Clark Mullen

Ang golf ay isang bantog na laro sa Japan, kaya sinimulan kong maglaro nito noong ako ay 14 na taong gulang para makasama ko ang tatay ko. Masaya ito sa simula, at kalaunan ay nagsimula akong magsanay mag-isa at sumapi sa golf team ng aking paaralan. Nakaibigan ko ang teammates at mga coach ko, na humikayat sa akin na ituloy ang pangarap kong maging professional golfer.

Nagsikap akong mabuti, hindi lang sa paglalaro, kundi maging sa pag-aaral, at nagtapos ako na isa sa mga nangunguna sa klase ko sa hayskul.

Noong una akong pumasok sa kolehiyo, nagkaroon ako ng magandang kaugnayan sa golf coach at teammates ko. Mas magaling sila kaysa sa akin, kaya ginawa ko ang lahat para maging kasinghusay nila. Pinuna ng ilan sa mga miyembro ng team ang kakaiba kong pangalang Shuho. Sabi ko sa kanila, ang lola ko sa ina na isang Koreana ang nagbigay nito sa akin at na ang ibig sabihin nito sa wikang Korean ay "magandang bundok." Simula noon pakiramdam ko ay

Natulungan ako ng isang di-inaasahang pagkakaibigan na maliwanagan ang aking nadirimlang buhay.

nagbago ang pakikitungo nila sa akin, dulot ng ilang henerasyon nang alitan sa pagitan ng Japan at Korea.

Binansagan nila akong "batang Koreano" at sinabihan na madurungisan ko ang magandang pangalan ng unibersidad. Sa halip na hayaan akong magsanay ng golf kasama nila, ginawa nila akong tagalinis ng mga kubeta.

Lalo akong nahirapang makisama sa team. Dahil malayo ako sa pamilya ko, pakiramdam ko nag-iisa ako. Sinikap ko pa ring abutin ang pangarap ko at pagandahin ang tingin sa akin ng coach at team, ngunit makalipas ang dalawang taon, hindi ko na matiis ang malupit na pagtrato nila sa akin, kaya umuwi ako.

Madilim ang yugtong ito ng buhay ko. Naapektuhan ng stress ang aking isipan at katawan. Bumaba ang tingin ko sa aking sarili sa loob ng dalawang taon. Ang pangarap kong maging professional golfer ay magwawakas na. Hindi ko alam kung saan patungo ang buhay ko. At galit ako. Galit ako sa lahat: sa coach ko, teammates ko, at mga magulang ko. Sa sobrang galit ko, natakot ako sa mga naiisip ko. Wala akong kaibigan, at nadama ko na hindi ko kayang magtiwala o makihalubilo sa ibang tao. Sa loob ng anim na buwan, lumabas lang ako ng bahay para mag-ehersisyo sa gym.

Sa madilim na bahaging ito ng buhay ko, nakaibigan ko si Justin Christy, na nakilala ko sa gym. Nang una ko siyang makita, akala ko foreign-exchange student siya. Nagatubili akong kausapin siya hanggang sa makita ko siyang may kausap sa gym at nagulat akong marinig na nagsasalita siya ng wikang Hapon. Pakiramdam ko hindi ko pa rin kayang magtiwala sa ibang tao, pero iminungkahi niya na sabay kaming magehersisyo. May kung anong kakaiba sa kanya na hindi ko naunawaan

MGA PAGLALARAWAN NI PAT KINSELLA

noon. Kalmado ako kapag kasama ko siya. Inasam ko na ang oras na magkasama kaming nag-eehersisyo. May nakilala akong isang tao na pakiramdam ko ay mapagkakatiwalaan ko bilang kaibigan.

Pagkaraan ng ilang buwan naming pag-eehersisyo nang sabay, pinasama ako ni Justin sa hapunan ng isang grupo na regular niyang sinasamahan. Nag-atubili ako, pero matapos ang ilang paanyaya ay nagpasiya akong pumunta sa isa palang hapunan para sa mga young single adult sa bahay nina Richard at Corina Clark. Mainit nila akong binati pagpasok ko sa bahay nila, si Brother Clark sa wikang Hapon, at si Sister Clark sa wikang Ingles. Hindi ko naunawaan ang sinasabi ni Sister Clark, pero tinangka ko siyang sagutin. Kahit may ilang tao roon na hindi nagsasalita ng wikang Hapon, masaya ang grupo nila at mainit at magiliw silang makitungo. Maraming tawanan.

Nagsimula akong dumalo sa iba pang mga aktibidad ng mga young single adult at noon lang ako naging masaya nang husto na kasama ang ibang tao. Inisip ko kung ano ang mayroon sa mga taong ito para maging ganito sila kagiliw at kabait.

Sa panahong ito tinanong ako ni Justin kung ano ang gusto kong gawin sa buhay ko. Nagulat akong malaman na nagsimula nang magbago ang mga mithiin ko. Sinabi ko sa kanya na gusto kong matutong magsalita ng Ingles at maging kaibigan ng lahat, tulad niya. Sinabi niya sa akin na may libreng English class sa simbahan niya. Dumalo ako sa English class at nakilala ko ang mga missionary. Kahit hindi ko naisip ang Diyos kailanman, nadama ko na dapat akong makinig sa mga missionary. Itinuro nila sa akin ang mga pangunahing kaalaman tungkol sa ebanghelyo at halos araw-araw nila akong tinawagan. Naging mabubuting kaibigan ko sila, na talagang nagpasaya sa akin dahil kakaunti pa lang ang mga kaibigan ko.

Nagpasiya ako na nais kong tumulong sa pagliligtas ng mga taong nasa sitwasyon ko noon.

Nakilala ko ang maraming miyembro ng Simbahan na kasabay kong dumalo sa mga missionary lesson at naging mabuti kaming magkakaibigan. Itinuro nila sa akin ang ebanghelyo at naging halimbawa sila sa akin. Kinausap ako ni Justin tungkol sa Aklat ni Mormon at nagkuwento siya mula rito kaya ginusto kong basahin din ito sa sarili ko. Isa pang kaibigan, si Shingo, na mahilig sa detalye, ang nagtalakay ng mga doktrina sa akin sa paraang madali kong maunawaan. Ibinahagi niya palagi ang kanyang patotoo sa pagtatapos ng aming mga pag-uusap.

Natagpuan ko ang isang bagay na pinaniniwalaan ko at isang lugar na nadama ko na kabilang ako. Matapos akong mabinyagan at makumpirma, naisip ko nang maglingkod sa misyon, ngunit nag-alala ako tungkol sa paglalaan ng dalawang taon para dito. Marami akong kinausap na tao tungkol sa pagmimisyon, lalo na ang mga kaibigan kong returned missionary. Pinag-isipan ko ito nang husto, at natanto ko na ang ebanghelyo lamang ang makapagliligtas sa akin.

Alam ko na naibigay na sa akin ng Diyos ang lahat: ang aking mga pangarap, pag-asa, kaibigan, at lalung-lalo na ang pagmamahal. Natulungan ako ng ebanghelyo na lisanin ang kadiliman at magtungo sa liwanag. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Tokyo, Japan.

MAGING HALIMBAWA

"Bawat isa sa atin ay naparito sa lupa na taglay ang Liwanag ni Cristo. Kapag tinularan natin ang halimbawa ng Tagapagligtas at namuhay at nagturo tayo na katulad Niya, ang liwanag na iyan ay mag-aalab sa ating puso at tatanglawan ang daan para sa iba.

"Tiwala ako na mayroon tayong mga kakilala [sa ating paligid] na malungkot, maysakit, at pinanghihinaan ng loob. May pagkakataon tayong tulungan at palakasin sila."

Pangulong Thomas S. Monson, "Maging Huwaran at Liwanag," *Liahona,* Nob. 2015, 86.

Paano Ko Ibinahagi ang Ebanghelyo kay Shuho

Ni Justin Christy

Nang makilala ko si Shuho sa gym, sinabi niya na nais niyang matuto ng Ingles at makasali sa golf exchange program. Sinabi ko sa kanya na may mga English class sa simbahan, pero ilang linggo ang nagdaan bago kami nakadalo. Samantala, habang nag-eehersisyo kami, pinag-usapan namin nang husto ang mga paksa ng ebanghelyo, ang Aklat ni Mormon, at ang buhay.

Ang pagkakaibigan at mga halimbawa ng mga miyembro ng Simbahan na nakilala niya ang nakapukaw ng kanyang pansin at nakatulong sa kanya na matuto tungkol sa ebanghelyo. Ang Espiritu ang umaakay sa atin na magbalik-loob; ang gagawin lang natin ay iparating ang mensahe at tulungan ang mga tao na magpasiya para sa kanilang sarili.

Dati-rati ay mahirap para sa akin ang isiping magbahagi ng ebanghelyo. Pero nalaman ko na kung magsasalita lang tayo sa tamang panahon, magkakaroon tayo ng mga pagkakataon na maging missionary. Ang kailangan lang nating gawin ay anyayahan ang mga tao sa isang aktibidad o pulong sa simbahan. Kung bukas ang ating isipan, laging magkakaroon ng mga pagkakataon na bahagi ang ebanghelyo. ■

Pagganap sa Pinakamahalagang Papel

Ni Annie McCormick Bonner

Mahilig ako sa live theater! Bilang young adult, ibinuhos ko ang panahon ko sa pag-arte at pagkanta sa entablado. Nabiyayaan ako ng talento at inasam kong maging propesyonal na artista. Nakuha ko ang pinakamahihirap na papel na matatanggap ko at propesyonal palagi ang kilos ko para igalang ako ng mga kapwa ko artista.

Tuwang-tuwa ako nang sabihin sa akin ng pinaka-maimpluwensyang direktor sa lugar namin na magdaraos siya ng awdisyon para sa isang opereta at gusto niyang sumali ako. Ang pagtatanghal ay gagawin sa pinaka-prestihiyosong pook sa aming lugar, at tila ako na ang napupusuan ng kaibigan kong direktor na gumanap sa papel ng bida.

Walang iskrip na mababasa bago ang awdisyon, pero ang opereta ay batay sa nobelang isinulat ng isang pilosopo na nabuhay noong ika-18 siglo, na binasa ko. Naging pamilyar din ako sa musika ng pagtatanghal, na napakaganda at mahirap kantahin.

Naging maayos ang awdisyon, at agad ipinaalam sa akin na ang papel ng bida—ang pinakamahalagang papel—ay sa akin! Naniniwala ako na ang papel na ito ay isang malaking oportunidad.

Nakalutang ako sa alapaap sa sobrang tuwa—hanggang sa dumating ang iskrip. Nang basahin ko ito, mabilis na naglaho ang saya ko. Kahit maganda ang nobela at musika, hindi mapitagan ang iskrip at may mahalay at di-angkop na ipagagawa sa entablado ang direktor. Alam ko na hindi ako dapat makilahok sa produksyong ito. Lungkot na lungkot ako.

Bigla akong nagkaproblema. Idinidikta ng wastong asal sa teatro na matapos tanggapin ang isang papel, hindi aatras ang artista dahil walang panahon ang iskedyul ng produksyon na magpalit ng mga tauhan. Ang pag-atras ngayon ay ituturing na lubhang hindi propesyonal. Natakot akong mawala ang tiwala sa akin ng kumpanya ng teatro, magalit ang direktor, at mawalan pa ako ng pagkakataong patuloy na gumanap sa teatro sa ibang lugar.

Katatanggap ko pa lang sa pinakamalaking papel sa buhay ko. Tuwang-tuwa ako—hanggang sa dumating ang iskrip.

Siyempre pa, natukso akong mangatwiran! May tinig akong narinig sa aking isipan, na nagpapahayag na, “Hindi ka na makakaatras ngayon. Hindi naman ganoon kasama ang iskrip. Pupunan ng ganda ng pagtatanghal ang mga kapilyuhan doon.” Ngunit palaging nasa puso ko ang Banal na Espiritu—matatag, matiyaga, at matibay akong hinihikayat na huwag akong sumali sa opereta.

Alam ko na ang kailangan kong gawin. Nanginginig, dinampot ko ang

MGA LARAWANG KUHA NG GETTY IMAGES

telepono at tinawagan ang direktor.

"Hello, sir," sabi ko nang sumagot siya. "Si Annie po ito."

"Annie! Sabik na sabik po ako sa pagtatanghal. Nakuha mo ba ang iskrip?"

"Opo, nakuha ko, at . . . at . . ."

Nagsimula akong umiyak. Malingmali iyon sa isang artista!

Kahit paano, sa gitna ng mga hikbi, naipaliwanag ko sa direktor kung bakit hindi ako maaaring sumali sa kanyang pagtatanghal. Pagkatapos ay hinintay kong magunaw ang mundo.

Tumawa ang mabait na lalaki. Iginalang niya ang desisyon ko. Noong una sinikap niyang kumbinsihin ako na manatili sa pagtatanghal, pero kalaunan ay pumayag din siya. Gusto pa rin daw niya ako kahit ayaw kong sumali sa kanyang opereta. At nakiusap lang siya na ibalik ko kaagad sa kanya ang iskrip para maibigay niya sa iba. Ibinaba ko ang telepono, na hiyang-hiya sa pag-iyak ko ngunit nagpapasalamat sa mapagmahal at maunawaing tugon ng direktor.

Nagpahid ako ng luha at saka ko kinuha ang iskrip at sumakay sa kotse ko. Pag-andar ng makina, tumunog din ang radyo. Naka-set pala ito sa lokal na istasyon ng mga klasikong musika, at sa gulat ko, tumugtog ang musikang gagamitin mismo sa opereta. Noon ko lang narinig na pinatugtog iyon sa radyo.

Pakiramdam ko ay pinatugtog ng Ama sa Langit ang musikang ito para sa akin. Nais Niyang maunawaan ko na mahal Niya ako at sang-ayon Siya sa pasiya ko. Ang musikang narirrinig sa himpapawid ay isa sa mga mapagmahal na awa ng Diyos. Sa pamamagitan nito nadama ko ang kapanatagang dulot ng Kanyang pagmamahal.

Patuloy akong nag-aral ng drama sa unibersidad. Hindi lang minsan ko natagpuan ang aking sarili sa gayong sitwasyon. May mga pagkakataon na kinailangan kong lisanin ang ilang magkakatuwang na proyekto dahil sa di-angkop na iskrip. Hindi madali o masaya ang mga pagkakataong ito, ngunit nagawa kong harapin ang mga ito nang mas kalmado at hindi umiiyak. Marahil ang naunang karanasan ko ay paghahanda para sa ganitong mga pagkakataon. Marahil nakatulong ito para mas maunawaan ko kung sino ako at kung ano ang talagang nais kong maging.

Isinulat ni William Shakespeare:

Buong mundo ay isang entablado,
At lahat ng kalalakihan at kababaihan ay mga tauhan lamang:
May mga sandali na lalabas sila at papasok;
At maraming papel na gagampanan ang isang tao sa kanyang panahon.[1]

Natutuhan ko na may isang papel na mas mahalagang gampanan kaysa sa iba. Ito ay bilang isang tunay na disipulo ni Jesucristo. Nakatutuwa at nakasisiyang mapuri ng ating mga kasama, ngunit ang pagsang-ayon ng Diyos ang mahalaga. Nagagawa natin ang pinakamahuhusay nating pagtatanghal kapag natuto tayong sumunod sa Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Washington, USA.

TALA

1. William Shakespeare, *As You Like It,* yugto 2, tagpo 7, mga linya 141–44.



MATATAG

Buong Linggo

BACKGROUND AT ITAAS: MGA LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

Ibinahagi ng mga kabataang ito kung paano sila pinagpapala ng Panginoon sa pagtanggap ng sakramento at pag-alala sa kanilang mga tipan sa buong linggo.

Linggo ng gabi. Ibig sabihin niyan ay Lunes bukas—balik sa homework mo, sa trabaho mo, sa pagsasanay ng football, sa piano lessons, at iba pa. Talagang maraming gagawin sa linggong ito! Pero kaya mong gawing lahat iyan. Matatapos mo ang lahat ng nasa listahan ng mga gagawin mo sa linggong ito.

Gusto mong malaman kung paano?

Tutulungan ka ng iyong espirituwal na lakas. Tuwing Linggo, maaari kang tumanggap ng sakramento at magpanibago ng mga tipang nagawa mo. Kapag ginawa mo ito, may pangako sa iyo na kung tataglayin mo ang pangalan ni Jesucristo, aalalahanin Siya, at susundin ang Kanyang mga kautusan, *sa tuwina* ay mapapasaiyo ang Kanyang Espiritu upang makasama mo (tingnan sa D at T 20:77, 79). Ibig sabihin ay madarama mo na malakas ka sa espirituwal anuman ang maranasan mo sa linggong ito.

Hiniling namin sa ilang kabataan na ibahagi ang kanilang mga karanasan sa sakramento at kung paano sila napalakas nito habang inaalala nila ang kanilang mga tipan sa buong linggo. Basahin natin ang ilan sa kanilang mga kuwento. Siguro naranasan na rin ninyo ang mga ito!

Tinutulungan ako ng pag-alaala sa Tagapagligtas sa tuwina na magkaroon ng tapang sa kabila ng mahihirap na pagsubok. Sa kalagitnaan ng huling taon ko sa hayskul, bumalik ang pamilya ko sa Estados Unidos, pero nanatili akong mag-isa sa Australia para tapusin ang school year. Matapos ko silang bisitahin noong bakasyon namin sa klase, lumipad ako pabalik ng Australia, at lungkot na lungkot ako. Gayunman, bigla kong natanto na hindi ako nag-iisa; hindi ako nag-isa noon at hindi ako mag-iisa kailanman dahil papatnubayan ako ng Espiritu ng Tagapagligtas sa tuwina kapag sinikap kong tularan Siya. Iyon ang pinakamalaking kapanatagang nadama ko sa sandaling iyon.

Shannon S., 19, ng Sydney, Australia

Kapag naririnig ko ang mga panalangin sa sakramento, ipinapaalala ko sa sarili ko na kung tutuparin ko ang bahagi ko sa aking tipan sa binyag, lalagi sa akin ang Espiritu. Mas madali ang buong linggo ko kapag palaging malapit ang Espiritu. Halimbawa, marami sa mga estudyante sa paaralan ko ang gumagamit ng masamang pananalita at nangungusap sa di-angkop na mga paraan. Tinutulungan ako ng pag-alaala sa aking mga tipan na balewalain ang naririnig ko at impluwensyahan pa ang ilan sa mga kasama ko na tumigil sa pagsasalita nang gayon.

Jacob B., 14, Colorado, USA

Para sa akin, ang pagtataglay ng pangalan ni Jesucristo sa aking sarili ay pag-alaala na ang Kanyang Espiritu ay maaaring mapasaatin sa tuwina at na kailangan nating piliing gawin ang tama. Minsan sa isang birthday party, nag-iinuman ang mga kaibigan ko, at inalok nila ako ng isang inuming nakalalasing. Tumanggi ako. Pagkatapos ay lumapit ang isa sa mga kaibigan ko sa Simbahan at sinabi sa kanila na hindi kami umiinom ng alak dahil sa aming relihiyon. Ang pag-alaala sa Tagapagligtas ay inilalapit ako sa Espiritu sa tuwina at inilalayo ako sa masasamang bagay.

Miguel C., 16, Paraná, Brazil

Sa paaralan may isang batang babae na may kapansanan. Ginamit itong dahilan ng karamihan sa mga tao para pagtawanan siya. Kami lang ng kaibigan ko ang nagsikap na tulungan siya. May mga araw na tila pinagtutulungan siya ng buong klase. Mahirap malaman kung paano tutugon. Gusto kong lumayo na lang, pero pinili kong alalahanin na siya ay anak ng Diyos at isipin kung paano siya tatratuhin ni Jesus. Nadama ko ang kapanatagang dulot ng Espiritu Santo. Naalala ko na makakagawa ako ng kaibhan. Malaking tulong sa akin ang pagsunod sa halimbawa ng Tagapagligtas, at nalaman ko na magiging maayos ang lahat.

Sa mga tipan ko sa binyag pinangakuan ako na laging mapapasaakin ang Espiritu Santo kung kikilos ako na tulad ng Tagapagligtas. Nagpapasalamat akong madama ang kapanatagan at lakas na iyan mula sa Espiritu Santo.

Alexis L., 13, Kansas, USA

Sa oras ng sakramento, madalas kong isipin ang mga bagay na kailangan kong gawin sa buong linggong darating, mga gagawin ko sa paaralan, o gagawin namin ng mga kaibigan ko. Pero sa pamamagitan ng mga klase sa Sunday School at mga mensahe ng ating mga propeta, naunawaan ko na ang kahulugan ng sakramento. Iniisip ko na ngayon ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, na ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin, pinagbayaran ang ating mga kasalanan, at pinagdusahan ang lahat ng bagay. Ito ang gumaganyak sa akin araw-araw na sabihin na, mapagsisikapan kong tularan Siya at ipadama ang pagmamahal na ipinakita Niya sa iba. Maibabahagi ko ang ebanghelyo sa iba. May magagawa ako para maging mas karapat-dapat na pumasok sa templo at tumanggap ng sakramento.

Alessandra B., 17, Santiago, Chile

Pinapayapa ng pagtanggap ng sakramento ang aking puso't isipan na kumukumbinsi sa akin na kakayanin ko ang anumang mangyari sa buhay ko. Noong nakaraang Hunyo, nahirapan ako sa buhay ko. Lumipat ng tirahan ang isa sa pinakamatatalik kong kaibigan, nahirapan akong labanan ang depresyon, at nagkaroon ako ng di-makatotohanang mga ideya tungkol sa katawan. Isang araw ng Linggo, nang tumanggap ako ng sakramento, nilukob ako ng kapayapaan. Ang saya ko talaga.

Olivia T., 14, Virginia, USA

Ang sakramento ay espirituwal na pampalakas sa buong linggo. Ipinapaalala nito sa akin ang mga tipang ginawa ko sa aking Ama sa Langit, at ginagabayan ako nito sa buong linggo. Naiisip ko ang sakripisyo ni Jesucristo para sa atin, at inihahanda ako nito sa espirituwal na paraan para sa darating na linggo.

Minsan ay may problema ako at nayayamot ako, pero nang tumanggap ako ng sakramento at basahin ko ang himno ng sakramento, napuspos ako ng Espiritu. Nalimutan ko ang mga problema ko at nagtuon ako sa Tagapagligtas.

Brett B., 17, Colorado, USA

Batid na nakipagtipan akong taglayin sa aking sarili ang pangalan ni Cristo, naisip ko na tungkulin kong sumunod sa Kanya, pero hindi iyon palaging madali. Minsan sa isang aktibidad ng grupo, nakita ko ang isang bata na walang makausap. Nadama ko na dapat ko siyang lapitan at kausapin. Noong una, ayaw ko sana. Hindi ako gaanong magaling sa pakikipagkaibigan. Pero nang maalala ko ang gagawin ni Cristo, nagkaroon ako ng lakas na kaibiganin siya. Habang kausap ko siya, nadama ko na hinihikayat ako ng Espiritu na magtanong at magkatuwaan kami.

Evan A., 16, Utah, USA

Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

PAANO MAGKAROON NG PATOTOO

Ang unang hakbang sa pagkakaroon ng anumang uri ng kaalaman ay tunay na **hangaring malaman ito.** Para sa espirituwal na kaalaman, ang susunod na hakbang ay **magtanong sa Diyos sa pamamagitan ng taimtim na panalangin.** Tulad ng nababasa natin sa makabagong paghahayag, "Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag, ng kaalaman sa kaalaman, upang inyong malaman ang mga hiwaga at mapayapang bagay—yaon na nagdadala ng kagalakan, yaon na nagdadala ng buhay na walang hanggan" (D at T 42:61).

Narito ang isinulat ni Alma ukol sa ginawa niya: "Masdan, ako ay nagayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang nagbigay-alam nito sa akin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu" (Alma 5:46).

Habang tayo ay naghahangad at naghahanap, nararapat nating tandaan na ang pagkakaroon ng patotoo ay hindi isang bagay na wala tayong gagawin kundi isang proseso kung saan inaasahan tayong *gawin* ang isang bagay. Itinuro ng Tagapagligtas, "Kung ang sinomang tao ay nagiibig gumawa ng kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Dios, o kung ako'y nagsasalita na mula sa aking sarili" (Juan 7:17).

Ang isa pang paraan ng pagtatamo ng patotoo ay tila kagila-gilalas kapag inihambing sa mga pamamaraan ng pagtatamo ng iba pang karunungan. **Nagtatamo o nagpapalakas tayo ng patotoo sa pamamagitan ng pagbabahagi nito.** May nagmungkahi pa nga na mas madaling natatamo ang ilang patotoo habang nakatayo at nagbabahagi nito kaysa nakaluhod at humihiling na magkaroon nito.

Ang personal na patotoo ay mahalaga sa ating pananampalataya. Dahil dito, ang mga bagay na kailangan nating gawin para magtamo, magpalakas, at magpanatili ng patotoo ay mahalaga sa ating espirituwal na buhay. Bukod pa sa mga isinaad na, kailangan nating **makibahagi ng sakramento bawat linggo** (tingnan sa D at T 59:9) para maging marapat sa mahalagang pangako na "sa tuwina ay mapasa[atin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin]" (D at T 20:77). Mangyari pa, ang Espiritu ang pinagmumulan ng ating patotoo. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2008.

PAANO MO ITO NASUNOD?

May patotoo ako sa Simbahan. Nagmula ito sa inspirasyon at dedikasyon at pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw. At kapag may sarili kang patotoo, kamangha-mangha kung gaano magiiba ang pananaw at pagdinig mo sa mga bagay-bagay.

Shannon Muriel M., Colorado, USA

TUWIRANG SAGOT

Paano ko ibabalanse ang hindi paghusga sa iba at hindi pagpapalampas sa kasalanan?

Inutusan tayong patawarin ang iba at hayaang ang Diyos ang humatol sa huli (tingnan sa D at T 64:9–11), ngunit hindi ibig sabihin ay pinalalampas natin ang kasalanan. Kung may kasama tayong iba na gumagawa ng kasalanan, dapat tayong magsilbing liwanag sa kanila at manindigan sa tama. Ibig lang sabihin nito ay magpakita ng mabuting halimbawa sa pamamagitan ng hindi pakikisangkot sa kasalanan at hindi pagsama sa kaduda-dudang mga sitwasyon o tao. Ngunit dapat ba nating tukuyin ang masamang ugali ng mga tao para malaman nila ang mga batas ng Diyos at ang pakiramdam natin tungkol dito? At kung magkagayon, kailan at paano natin ito dapat gawin?

Ang sagot ay depende siguro sa sitwasyon, sa uri ng kaugnayan natin sa mga taong sangkot, at sa kaalaman nila tungkol sa mga batas ng Diyos. Halimbawa, ang sarilinang pagkausap sa mga kapamilya at malalapit na kaibigan ay mas mabuti kaysa pagsasabi sa isang grupo ng mga kakilala lang na magsisi. Humiling ng inspirasyon ng Espiritu Santo. Magagabayan Niya ang inyong mga salita at kilos para maipakita ninyo ang tamang balanse ng pagmamahal, pagpaparaya, at matatag na katapatan sa mga pamantayan ng Panginoon. ■

Kung kusa na akong tumigil sa panonood ng pornograpiya, kailangan ko pa rin bang kausapin ang bishop ko?

Kung nanonood ka ng pornograpiya, hinihikayat kang "humingi ng tulong na kailangan [mo]. Ang [iyong] mga magulang at bishop ay makakatulong sa [iyo] na gawin ang mga kailangang hakbang upang makapagsisi at mailayo ang [iyong] sarili sa nakasisirang bisyong ito" (*Para sa Lakas ng mga Kabataan* [2011], 12).

Kung kusa ka nang tumigil sa panonood ng pornograpiya, ang tanong ay hindi talaga kung "kailangan" mo pang kausapin ang bishop mo tungkol dito o hindi na. Ang tanong talaga ay "Bakit hindi ko kausapin ang bishop ko?" Wala naman talagang mawawala. Magiging maunawain siya at palalakasin niya ang loob mo, at masisiyahan siya sa mga pagsisikap na nagawa mo para talikuran ang nagawa mong mga kasalanan. Matutulungan ka ng bishop na maalis ang matagal nang mga pagdududa mo sa iyong pagkamarapat at sa kalubusan ng iyong pagsisisi. At matutulungan ka niyang patatagin ang iyong pananampalataya at tiwala kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Sa gayon ding mga kadahilanan, dapat mo ring isiping kausapin ang iyong mga magulang. ■

WILLIE HANDCART COMPANY
RESCUE SITE

Ang pagiging Banal sa mga Huling Araw ay pagiging isang pioneer.

ANG PAGLALAKBAY NINYO BILANG PIONEER—TOTOHANAN, HINDI KUNWA-KUNWARIAN

Ni Aaron L. West
Church History Department

Noong bata pa ako, paminsan-minsan ay nagkunwari akong sikat na manlalaro ng isports. Nagkunwari akong nakakalipad. Nagkunwari akong isang higante. Masaya ako sa buhay ko, kahit pandak ako, hindi makalipad, at kakaunti ang kakayahan ko bilang atleta. Pero masayang magkunwari. Nasiyahan akong makaranas ng isang bagay na kakaiba, kahit sa isip ko lang. Palagay ko iyan ang dahilan kaya maraming taong gustong magkunwari.

Patungkol sa pagkukunwari, mahilig tayong mga Banal sa mga Huling Araw na sumama sa mga pioneer trek. Nagsusuot tayo ng damit-pioneer (kunwari). Naghahatak tayo ng mga handcart (kunwari). Kumakain tayo ng mga pagkaing pioneer (pero kunwari lang). Nagsisikap tayo nang husto na magkunwaring mga pioneer. Ang nakakatuwa ay hindi natin kailangang magkunwari. *Mga pioneer na tayo.*

Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson, "Ang pagiging Banal sa mga Huling Araw ay pagiging isang pioneer, sapagkat ang kahulugan ng pioneer ay 'isang taong nauna upang ihanda o buksan ang daang susundan ng iba.'"[1] Itinuro na sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson, sa kanyang mga salita at gawa, kung paano maging tunay na mga pioneer:

"Sinusundan natin ang mga yapak ng pinakadakilang Pioneer—maging ang Tagapagligtas—na nanguna upang ipakita sa atin ang daang dapat tahakin.

"'Pumarito ka, sumunod ka sa akin,' ang paanyaya Niya."[2]

Pumarito ka, . . . sumunod . . . ka sa akin. Ang mga simpleng salitang ito ay makakatulong sa atin na maging tunay na mga pioneer.

Tingnan natin ang mga salitang ito mula sa pananaw ng ilang makabagong pioneer na sumama kamakailan sa isang stake pioneer trek.

MGA PAGLALARAWAN NI BROOKE SMART
MGA LARAWAN NG TREK SA KAGANDAHANG-LOOB NI AARON WEST

Taylor A.

Ethan G.

Harmony C.

"PUMARITO KA, SUMUNOD KA SA AKIN"

Ang salitang *pumarito* ay isang paanyaya. Nagpapahiwatig ito ng paglipat sa ibang lugar mula sa isang lugar. Alam na alam ni Taylor A. ang kahulugan ng salitang ito.

Si Taylor ay matalino, masayahin, at puspos ng Espiritu, ngunit mabilis niyang sasabihin sa inyo na hindi siya ang inilarawan ng mga salitang iyon dalawang taon na ang nakararaan. Lumipat na siya ngayon sa ibang lugar, sa espirituwal at sa pisikal. Isa siyang pioneer.

"Buong buhay na akong pioneer," sabi niya, "dahil nabinyagan ako kamakailan. At kamangha-mangha talaga ang paglalakbay ko. Pakiramdam ko parang bagong buhay ito. At kapag ginawa natin ang unang hakbang na iyon sa ating paglalakbay, nangyayari ang mga himala."

Hindi lang nauunawaan ni Taylor ang paanyayang lumapit—alam niya ang pinagmulan ng paanyaya. Sabi niya, "Sa ating mundo, wala tayong pakialam kung paano tayo napunta rito, tama ba? Masyado tayong nakatuon sa ating trabaho at teknolohiya, at ang mensaheng talagang tila mahalaga sa akin nitong huli ay ang unahin si Cristo. Dapat nating tularan talaga ang ginawa ng mga pioneer—nagtuon [sila] kay Cristo."

Ang *sumunod* ay isa pang paanyaya. Sa pioneer trek, mas naunawaan ni Ethan G. ang salitang ito. "Kung minsan ay di-gaanong maganda ang pakiramdam ko sa trek, o parang pinanghinaan ako ng loob," pag-amin niya. "Pero natanto ko na ganito rin ang nadama ng mga pioneer."

Nagtaka noon si Ethan kung bakit handang gawin ng mga naunang pioneer ang kanilang ginawa. Sabi niya, "Palagay ko susuko na lang ako. Ngunit nang pag-isipan ko ito, napagtanto ko na dahil iyon sa mahal nila ang Tagapagligtas, at umaasa sila na mas bubuti sila sa pamamagitan Niya. Gusto ko ring subukan iyan."

Bago sumama si Ethan sa trek, nagbasa siya tungkol sa mga pioneer noong araw, nakadama ng kaugnayan sa kanila, at nagkainspirasyon sa kanilang pananampalataya na sundan si Jesucristo. At ano ang ginagawa ni Ethan ngayon? Naghahanda siyang matanggap ang tawag na maglingkod bilang full-time missionary. Bilang pagsunod sa payo ni Pangulong Monson, naghahanda siyang ipakita sa iba ang daang dapat tahakin.

Saan tayo dapat magpunta? Sino ang dapat nating sundan? Sinabi sa atin ng Tagapagligtas: "Pumarito ka, sumunod ka sa *akin*" (Lucas 18:22; idinagdag ang pagbibigay-diin). Nang umalis ng bahay si Harmony para sumama sa trek, nadama niya ang impluwensya ng Panginoon sa kanyang karanasan. Alam niya na sinusundan niya Siya.

Ang landas na tinahak ni Harmony sa kanyang stake trek ay kaiba sa landas na tinahak ng iba. Sa edad na 15 nalaman niya na may pambihirang uri siya ng kanser sa balat. Hindi siya nakasama sa kanyang stake trek. "Nanlumo ako," paggunita niya.

Apat na taon kalaunan, nang ibalita ng kanyang stake ang isa pang trek, wala nang kanser si Harmony. Ngunit sa edad na 19, naisip niya na hindi siya makakasama. Pagkatapos ay nakatanggap siya ng tawag na sumama bilang lider. Sabi niya, "Pinatototohanan ko na alam ng Panginoon kung sino tayo, at alam Niya ang mga hangarin ng ating puso, at kung matwid at mabuti ang mga ito, pagpapalain Niya tayo."

Nagbigay ng payo si Harmony upang tulungan tayo kapag naharap tayo sa mga pagsubok: "Sa sinumang nahihirapan, gusto kong sabihin na umasa lang sa Panginoon. Lagi Siyang nariyan para sa inyo. Mahal Niya tayo, at hindi Niya tayo hahayaang mabigo. Kailangan lang nating iabot ang ating kamay sa Kanya, at tutulungan Niya tayo sa ating paglalakbay bilang pioneer."

MGA PIONEER—ANG ESPIRITUWAL NATING MGA NINUNO

"Wala akong mga ninunong kabilang sa mga pioneer noong ika-19 na siglo. Gayunman, simula pa noong mga unang araw ko sa Simbahan, nakadama na ako ng malapit na kaugnayan sa mga pioneer noon na tumawid sa kapatagan. Sila ang aking mga espirituwal na ninuno, gayundin ng bawat miyembro ng Simbahan."

Pangulong Dieter F. Uchtdorf, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Ang Pandaigdigang Simbahang Pinagpala ng Tinig ng mga Propeta," *Liahona*, Nob. 2002, 10.

MAAARI KAYONG MAGING PIONEER

Kung hindi kayo makakasama kailanman sa isang pioneer trek, maaari pa rin kayong maging pioneer. Hindi ninyo kailangang magsuot ng bonnet o humila ng kariton. Kailangan lang ninyong sumunod kay Jesucristo, tulad ng ginawa ng naunang mga pioneer. Sa paggawa nito, tulad ng sinabi ni Pangulong Monson, kayo ay magiging "isang taong nauna upang ihanda o buksan ang daang susundan ng iba."

Kung may pagkakataon kayong sumama sa isang pioneer trek, masiyahan dito! At kapag tapos na ito at iiwanan na ninyo ang inyong handcart, huwag ninyong iwanan ang inyong patotoo bilang pioneer sa loob nito. Tangayin ninyo ang patotoong iyon.

Kayo ay isang makabagong pioneer sa totoong buhay. Kasama ang pinakadakilang Pioneer—ang Tagapagligtas—bilang gabay, tiyak na kayo'y magtatagumpay! ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, "Tapat sa Pananampalataya ng Ating mga Ninuno," *Liahona,* Hulyo 2016, 4; sinipi mula sa *The Compact Edition of the Oxford English Dictionary* (1971), "pioneer."
2. Thomas S. Monson, "Tapat sa Pananampalataya ng Ating mga Ninuno," 4–5.

Para makilala sina Taylor, Ethan, Harmony, at ang iba pang mga makabagong pioneer, panoorin ang video na ito sa **lds.org/go/pioneer717.**

Mababasa mo ang mga kuwento ng mga pioneer sa **lds.org/go/handcart717.**

ISANG AWITIN PARA KAY MANON

Ang orihinal na ipinlanong gabi ng pagtatanghal ay naging pagbubuhos ng pagmamahal para sa isang kabataang babae.

Ni Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan

Tuwang-tuwa ang mga kabataang babae. Katunayan, tuwang-tuwa ang buong ward sa southern France. Para makahikayat ng higit na pagkakaisa, nagplano ng ward social ang mga lider, na may kasamang hapunan at pagtatanghal. Batid na matagal nang nag-aaral ng mga kanta at sayaw ang Beehives, Mia Maids, at Laurels sa ilang aktibidad nila, inanyayahan sila ng mga lider na magtanghal sa gabing iyon.

Kaya nagsimulang magpraktis nang dibdiban ang mga kabataang babae ng ward na iyon—lahat sila maliban sa isa. Hindi makakasali si Manon. Mahigit dalawang taon na siyang nagpapagamot sa sakit na kanser.

Patuloy pa ring dumalo si Manon C., edad 16, sa mga pulong at aktibidad hangga't kaya niya, at lagi siyang masayang nakangiti sa kabila ng kanyang pinagdaraanan. Ngunit sa kanyang chemotherapy kung minsan ay napakahina niya para gumawa ng iba pa maliban sa magpahinga. Ilang beses nag-ayuno at nagdasal ang mga miyembro ng ward para sa kanya. Hindi inasahan ng sinuman na magpraktis siya o sumayaw.

Pero *puwede* siyang dumalo sa hapunan. Kaya bakit hindi na lang nila ihandog ang gabi kay Manon?

Isang Gabi ng Paghahandog

Agad kumalat ang ideya.

"Nais naming madama ni Manon ang pagmamahal at suporta ng ward para sa kanya," paliwanag ni Emma S., 16. "Kung nais ng ating ward na mas magkaisa, ano pa ba ang mas mabuting gawin kundi sama-samang ipakita ang pagmamahal natin kay Manon?"

Sumama ang buong ward sa mga paghahanda. Inatasan ang mga pamilya na magdala ng pagkain para sa hapunan; tumulong ang Relief Society sa paggawa ng mga kasuotan para sa mga kabataang babae; naglaan ng technical support ang mga young adult (ilaw, tugtog, at mga background video) para sa mga praktis at sa oras ng pagtatanghal; at tumulong ang

PAGLALARAWAN NI ELIZABETH THAYER

Mula kaliwa: Sumulat ng isang awitin si Emma, nagtanghal ang mga kabataang babae, si Manon ang panauhing pandangal, at tumulong ang lahat ng kabataan at lider.

kalalakihan ng priesthood sa pag-aayos ng mga mesa at silya.

Lahat ng gawaing ito ay pinagtulung-tulungan ng mga miyembro ng ward na magkakalayo ang tirahan sa loob ng isang malawak na lugar. "Malapit ang damdamin ng mga kabataan sa ward sa isa't isa, pero magkakalayo ang tirahan namin," sabi ni Aiolah V., 16. "Hindi kami nagkikita-kita sa paaralan, dahil nakatira kami sa iba't ibang parte ng bayan, kaya pinagsusumikapan naming tiyakin na kasama ang lahat sa mga aktibidad."

"May kontak din kami sa isa't isa, salamat sa cell phone," sabi ni Inka S., 15. "Tinuturuan namin ang isa't isa sa pamamagitan ng pagkukuwento ng iba't ibang karanasan namin. Alam namin na maaasahan namin ang isa't isa, at sinisikap naming magpakita ng mabuting halimbawa sa isa't isa." Nalaman ng mga kabataang babae, na gustung-gustong magkasama-sama hangga't maaari, na ang praktis para sa pagtatanghal sa hapunan ay nagbigay ng dagdag na mga pagkakataong mapalalim ang kanilang pagkakaibigan.

"Bago kami nagsimulang magpraktis, medyo mahiyain ako," paliwanag ni Inka. "Takot akong magkamali. Pero nang sumayaw kami bilang isang grupo, isinantabi ko ang hiya ko. Alam ko na panahon na para ipakita sa ward kung gaano kami nagpakahirap na magpraktis."

Si Manon naman ay mapagpakumbaba at mabait. "Nang sabihin nila sa akin ang tungkol sa hapunan at pagtatanghal at na ako ang magiging panauhing pandangal, nagalala ako na baka makaabala ako sa kanila," paggunita niya. "Pero sa kabilang banda, sabik akong pumunta roon!"

Isang Pagpapakita ng Pagmamahal at Suporta

Hindi naglaon at sumapit ang gabi, at perpektong okasyon iyon para handugan ng pagmamahal at suporta si Manon. "Siyempre pa, napakasarap ng pagkain," sabi ni Aiolah. "Nasa France kasi tayo!"

At tulad ng inaasahan, ang pagtatanghal—na tinatawag na *spectacle* sa French—ay naging kasiya-siya. Ang mga palaro, kanta, at sayaw ay nagpasaya sa mga manonood. Pagkatapos ay kumanta ang mga kabataang babae, sa pinagsama-samang koro, na naging tampok sa pagtatanghal. Inihandog nila ang isang awitin kay Manon, isang awiting isinulat at kinatha mismo ni Emma. Ang mga titik sa koro ang nagpahayag ng pagmamahal at suportang nais ipadama ng lahat kay Manon:

Huwag sumuko,
Tiwala kami sa 'yo,
'Wag limutin kung sino ka,
Tiwala kami sa 'yo.

Nang kantahin ng mga kabataang babae ang awiting ito, tila gayundin ang damdaming nanaig sa puso ng mga miyembro. Tila naipahayag ng koro sa simpleng awitin ni Emma ang nadama ng mga Banal sa mga Huling Araw saanman sila naroroon—isang himno ng katapangan at habag; pamilya at mga kaibigan; pagkakaisa, pananampalataya, at pag-asa; isang walang-katapusang panalangin na naririnig sa langit.

Ang layon ng mga lider sa pag-organisa ng pagtitipon ay upang pagkaisahin ang ward. Ang paghahandog ng gabi kay Manon ay hindi lang nakatulong na maisakatuparan ang mithiing iyan kundi nagkaroon din ng nagtatagal na pagsuporta kay Manon at sa kanyang pamilya at pag-unawa na bawat anak ng Diyos ay mahalaga. "Mithiin ng Simbahan na tulungan tayong mas mapalapit sa Ama sa Langit at kay Jesucristo," sabi ni Aiolah. "Alam natin na mahal Nila tayo at na hindi tayo nag-iisa kailanman." ■

MGA LARAWANG KUHA NI ADRIEN MARQUEZ-VELASCO

PATULOY NA SUMULONG

Patuloy tayong hinahamon ng Espiritu na maging mas mabuti at patuloy na sumulong.

Elder Larry R. Lawrence ng Pitumpu, pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2015.



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

Ang Daan Patungong Sion

Ni Jessica Larsen
Batay sa tunay na buhay

Richmond, Missouri, Hunyo 2, 1862

"Mary, ano'ng nakikita mo?" mahinang sabi ng maysakit na madrasta ni Mary habang nakahiga sa kama.

"Parang papalapit na po ang labanan," sabi ni Mary, na nakatanaw sa bintana. Ilang milya lang ang layo ng labanan noong American Civil War mula sa bahay nila. Umaga pa lang ay dinig na ang mga putok ng baril sa paligid. Tumingin si Mary sa kanyang madrasta. "Sori po. Palagay ko hindi tayo makakalabas ng bahay para tumawag ng doktor."

"Halika rito." Naupo si Mary sa tabi ng kama at inabot ang kamay ng kanyang madrasta. "Alam kong hindi pa magaling ang tatay mo," mahinang sabi ng madrasta ni Mary, "pero kailangan mong dalhin ang pamilya sa Sion—ang kapatid mong lalaki, ang kapatid mong babae, at ang kambal. Huwag mong hayaang mapanatag ang tatay mo hangga't hindi siya nagpupunta sa Rocky Mountains! Ipangako mo!"

Alam ni Mary kung gaano kagusto ng kanyang pamilya na magpunta sa Salt Lake City. Matapos marinig ang ebanghelyo at mabinyagan, nilisan nila ang England para sumama sa mga Banal sa Sion. Pero posible nga ba? Sumulyap siya sa tatay niya, na tahimik na nakaupo sa upuan nito. Tatlong taon na ang nakararaan, nagkaroon ng malubhang atake si Itay at naparalisa ang kaliwang bahagi ng kanyang katawan.

Huminga nang malalim si Mary. "Pangako po," bulong niya.

Hindi nagtagal at nagpikit ng mga mata ang madrasta ni Mary sa huling pagkakataon.

Isang umaga pagkaraan lang niyon, nagpasiya si Mary na oras na para sabihin sa tatay niya ang kanyang pangako. "Alam ko po na 14 lang ako," sabi niya, "pero kailangan ko pong dalhin ang pamilya natin sa Sion." Narinig niyang gumising ang kambal. "Kailangan ko na pong magluto ng almusal," sabi niya. "Pero pag-isipan po sana ninyo ito."

Pagkaraan ng ilang araw, tinawag ni Itay ang pangalan ni Mary. "Maayos na ang lahat," sabi niya. Bulol pa rin siyang magsalita dahil sa atake. "Naibenta ko na ang lupain natin at ang minahan ng karbon kaya makakabili na tayo ng isang bagon, ilang kapong baka, babaeng baka, at ilang gamit. May isang grupo ng mga bagon na malapit nang umalis patungong Kanluran. Hindi sila mga Banal sa mga Huling Araw, pero puwede tayong sumabay sa kanila hanggang Iowa. Pagdating natin doon, puwede na tayong sumama sa isang pangkat ng mga Banal patungong Salt Lake Valley."

Niyakap siya ni Mary. "Maraming salamat po, Itay!" Hindi magtatagal at pupunta na sila sa Sion!

Mabilis na lumipas ang mga araw habang inihahanda ni Mary ang kanyang pamilya sa kanilang mga paglalakbay. "Magiging maayos ang lahat," sabi niya sa sarili. "Hindi magtatagal at nasa Sion na kami."

Pero nagkasakit si Itay. Sa paglaylay ng bibig nito sa isang panig, natakot si Mary na baka inatake itong muli.

"Masyadong malala ang sakit niya para maglakbay," sabi niya sa lider ng pangkat ng mga bagon. "Kailangan lang namin ng ilang araw para makapagpalakas siya."

"Hindi kami makapaghihintay," mabilis na sabi ng lalaki. Nang makita nito ang mukha ni Mary, bumaba ang tono ng boses nito. "Puwede kayong manatili rito hanggang handa na siyang maglakbay, at saka kayo humabol sa amin." Dahil wala nang ibang pagpipilian, pumayag si Mary.

Isang linggo kalaunan, muling inihanda ni Mary ang kanyang pamilya para maglakbay. "Maaaring sumakay ang kambal at si Sara sa mga kapong baka," sabi niya kay Jackson, ang siyam-na-taong-gulang na kapatid niyang lalaki. "Maaaring sumakay si Itay sa bagon, at matutulungan mo akong palakarin ang mga baka."

"Natatakot ako," mahinang sabi ni Sarah. Anim na taon pa lang siya noon, at napakaliit niyang tingnan sa malapad na likod ng baka. Dilat na dilat na napatingin ang apat-na-taong-gulang na kambal kay Mary.

"Bilisan lang natin para maabutan natin ang ating grupo!" sabi ni Mary na pilit na nagsasaya.

Matagal na naglakbay ang pamilya Wanlass, ilang milya, pagkatapos ay ilang araw. Sa huli, tinanggap na rin ni Mary ang katotohanan.

Hindi sila hinintay ng pangkat ng mga bagon. Kailangang maglakbay si Mary at ang kanyang pamilya patungong Sion nang walang kasama.

MGA PAGLALARAWAN NI MELISSA MANWILL



Ang Platte River, Nebraska, 1863

"Hooo, hooo!" Hinaltak ni Maria ang mga tali, at bumagal ang lakad ng mga baka. "Ayos lang ba kayong lahat?" Tiningnan niya ang tatlong bunso niyang kapatid, na nakasakay sa likod ng mga baka. Tumango sila.

Nasa harap nila ang Platte River, malawak at maputik. "Ano na?" tanong ng nakababata niyang kapatid na si Jackson. Siyam na taon lang siya, pero tinulungan niya si Mary na palakarin ang mga baka. Nakahiga si Itay sa likod ng bagon, na maysakit pa rin dahil sa kanyang atake.

"Hindi natin kailangang tawirin ang ilog," sabi ni Mary. "Pero puwede nating sundan ito." Walang daan patungong Sion, pero dapat nilang gaygayin ang ilog patungong kanluran. "Hiya!"

Hindi alam ni Mary na naglakbay ang mga Mormon pioneer sa kabilang panig ng Platte River at iba ang dinaanan. Dahil hindi nila tinawid ang ilog, napasok sila sa Teritoryo ng mga Indian. Wala silang makikitang iba pang grupo ng mga bagon sa kanilang paglalakbay.

Patuloy silang naglakbay. Makalipas ang ilang linggo, may nakita si Mary na papalapit na makapal na alikabok. "Hooo," bulong niya sa mga baka at sa sarili. "Hooo."

Napawi ang alikabok at nakita niya ang isang maliit na grupo ng mga Indian na nakakabayo. Lumapit ang isa sa mga ito sa likod ng bagon, kung saan nakahiga si Itay.

Mukhang mabait ang Indian. "Maysakit siya?" tanong nito, habang nakaturo kay Itay.

"Opo," bulong ni Mary. May isinigaw ang lalaki sa sarili nitong wika, at nag-alisan ang mga lalaki nang simbilis ng kanilang pagdating.

Tumingin si Mary sa araw na nasa kalangitan. "Hihinto tayo rito," sabi niya kay Jackson. Binuhat at ibinaba niya sina Sarah at ang kambal.

"Mary, tingnan mo!" sabi ni Jackson. Papunta sa kanila ang lalaking mukhang mabait, na may bitbit na mabigat.

"Pato," sabi nito. "At kuneho. Para sa inyo." Napatitig

na lang si Mary, hindi makaimik, nang ibaba nito ang patay na mga hayop sa mga kamay niya. Isa pang tango, at humayo na ito sa direksyon ng palubog na araw.

"Pagkain!" sigaw ni Mary. "Karne!" Tunay na isang himala ang ipinagkaloob ng lalaki.

May iba pang mga himalang nangyari sa kanilang paglalakbay. Isang pulutong ng mga kalabaw ang lumapit sa kanila ngunit pagkatapos ay pinaikutan ang bagon sa magkabilang panig. Tinangay ng bagyo ng alikabok ang isa sa kambal papunta sa ilog, ngunit nailigtas siya ni Mary.

Subalit mahirap pa rin ang paglalakbay. Araw-araw ay mukhang mas sira ang bagon, at mukhang mas pagod ang mga baka. Matarik at mabato ang lupa. Mahirap bagtasin ang kabundukan. Ngunit patuloy na naglakbay si Mary at ang kanyang pamilya.

Pababa na sila mula sa isang mataas na bundok nang makita ni Mary ang isang lalaking papalapit sa kanila na sakay ng isang bagon.

"Siguro maituturo niya sa atin ang daan patungong Lehi, Utah!" sabi niya kay Jackson. May tiyo sila na nakatira doon.

"Nasa Echo Canyon kayo, di-kalayuan sa Salt Lake Valley," sabi ng lalaki nang tanungin niya ito kung nasaan na sila. "Pero nasaan ang mga kasama ninyo?"

Ikinuwento nila ang lahat, at namamanghang nakinig ang lalaki. "Nakapaglakbay kayo nang mahigit 1,000 milya (1,609 km) nang kayo lang?" Napailing ito nang may paghanga. "Matapang kang bata. Ituturo ko sa iyo ang daan papuntang Lehi. Malapit na kayo."

"Malapit na," bulong ni Mary sa sarili habang gumuguhit ang lalaki ng mapa sa lupa. Malapit na sa Sion. "Palagay ko makakarating na rin tayo sa wakas."

Nakarating si Mary at ang kanyang pamilya sa Lehi, Utah. Kalaunan ay ikinasal siya at nagkaroon ng sarili niyang malaking pamilya. Ang kanyang halimbawa ng pananampalataya at katapangan ay nagpala sa maraming tao. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.

Pag-aayuno para sa Isang Propeta

Mahal ni Silioti si Pangulong Kimball. Nais niya itong gumaling.

MGA PAGLALARAWAN NI JARED BECKSTRAND

Ni Rebecca J. Carlson
Batay sa tunay na buhay

*"Nawa'y pakainin ninyo ang aming kaluluwa, puspusin ninyo ang aming puso, at pagpalain ang aming pag-aayuno" (*Hymns, *blg. 138).*

Nangyari ang kuwentong ito sa Tonga noong 1981.

Naglakad si Silioti pauwi mula sa paaralan at naraanan niya ang mga puno ng dilaw na papaya at hinog na mangga. Nang makita niya ang bunga, naalala niya kung gaano siya kagutom. Naalala rin niya na isang espesyal na araw ngayon. Ngayon mag-aayuno ang lahat ng tao sa kanyang stake sa Tonga para sa propetang si Pangulong Spencer W. Kimball. Maysakit ang propeta at kailangang operahan. Ngayong gabi magtitipon ang lahat ng tao sa stake upang magdasal at tapusin ang kanilang ayuno nang sabay-sabay.

Nang makarating ng bahay si Silioti, may naamoy siyang nilulutong pagkain sa *'umu,* isang hurnong nakabaon sa hukay. Kumalam ang sikmura niya. Nagalak si Silioti na nasa tamang edad na siya upang mag-ayuno ngayon, ngunit ang pag-aayuno sa araw na may pasok sa paaralan ay mas mahirap kaysa pag-aayuno sa araw ng Linggo.

Sinikap ni Silioti na kalimutan kung gaano siya kagutom. Nakakita siya ng panggatong at dinampot niya ang mga dahong nalagas mula sa matatayog na puno ng rimas na nakatabing sa kanyang bakuran.

"Mauunawaan ng Ama sa Langit kung hihigop ako ng kaunting tubig," naisip ni Silioti





nang maghugas siya ng kanyang mga kamay matapos niyang gawin ang mga gawaing-bahay. Pagkatapos ay naisip niya kung gaano niya kamahal si Pangulong Kimball. Nais niyang gumaling ito. Nagpasiya siyang maghintay.

Naupo si Silioti sa balkon at ipinatong ang kanyang ulo sa kandungan ng kanyang ina. Pagod na pagod siya.

"Maaari mong tapusin ang iyong ayuno kung kailangan," sabi ng kanyang Inay.

"Pero gusto ko pong mag-ayuno," sabi ni Silioti. "Kaya ko pong gawin ito."

Nang makauwi si Itay mula sa trabaho, tumulong ang buong pamilya na mabuksan ang *'umu*. Inilabas nila ang karne ng baboy na nakabalot sa mga dahon, ang isda, at ang hinurnong rimas na may gata. Pagkatapos ay ibinalot nila sa tela ang pagkain at dinala ito sa labas para hintayin ang bus.

Nasalubong nila sa daan ang iba pang mga pamilya, lahat ay dala ang sarili nilang putahe ng pagkain. Nakangiti silang lahat at nag-usap-usap habang sama-sama silang sumakay ng bus. Nakakita ng maliit na lugar si Silioti sa tabi ng kanyang Ina. Naamoy niya ang masarap na pagkain habang bumibiyahe ang bus.

Madilim na nang makarating ang bus sa chapel. Sa loob, lumuhod si Silioti kasama ang kanyang mga magulang, kanyang mga kapatid, at daan-daang iba pang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sa kanyang panalangin, nagsumamo si Silioti sa kanyang puso, "Pagalingin po Ninyo si Pangulong Kimball." Alam niya na bawat tao sa silid ay iyon din ang ipinagdarasal. Ipinahiwatig sa kanya ng nadamang kapanatagan na magiging maayos si Pangulong Kimball.

Nang imulat niya ang kanyang mga mata nakita niya ang mga luha sa mukha ng mga tao sa paligid niya. Lahat ng taong ito ay nag-ayuno, at kasama niya silang nag-ayuno. Mahirap, pero nagawa niya ito!

Nakaligtas mula sa kanyang operasyon si Pangulong Kimball at naglingkod pa nang apat na taon bilang propeta. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Hawaii, USA.

BAKIT TAYO NAG-AAYUNO AT NANANALANGIN?

"Magkasama ang pag-aayuno at panalangin. Kapag nag-aayuno at nananalangin tayo nang may pananampalataya, mas handa tayong tumanggap ng sagot sa ating mga panalangin at pagpapala mula sa Panginoon."

***Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 89.**

BAHAGI PARA SA MGA TANONG

Paano ko malalaman kung nasa hustong gulang na ako para mag-ayuno?

Sa Linggo ng ayuno, karaniwan ay hindi tayo kumakain o umiinom sa dalawang magkasunod na kainan. Nagbibigay rin tayo ng pera na katumbas ng halaga ng pagkaing hindi natin kinain upang makatulong sa mga taong nangangailangan nito. Ang tawag dito ay "handog-ayuno." Habang nag-aayuno tayo, maaari nating alalahanin ang ating mga pagpapala, ipagdasal ang mga tao, at mapalapit tayo sa Ama sa Langit. Maaari kang magsimulang mag-ayuno kapag nadama mo at ng mga magulang mo na handa ka na. Kung hindi mo kayang mag-ayuno dahil may problema ka sa kalusugan, maaari ka pa ring magdasal para madama mo ang Espiritu Santo habang nag-aayuno ang iba.

Ayos lang mag-ayuno kapag gusto mong mapagpala ang iba at madama ang Espiritu. Magandang pagkakataon ang mag-ayuno matapos kang mabinyagan.

Eddie O., edad 9, California, USA

Alam ko na nasa hustong gulang na ako para magsimulang mag-ayuno nang madama ko na parang gusto kong gawin ito, at sinabi sa akin ng Espiritu Santo na tama ang ginagawa ko. Nang magsimula ako, ginawa ko ito nang paunti-unti. Una ay hindi ako kumain sa isang kainan. Pagkatapos ay sinubukan kong hindi kumain sa dalawang kainan.

Anne D., edad 9, Nevada, USA



Alam ko na nasa hustong gulang na ako dahil nadarama ko na sinasabi sa akin ng Espiritu Santo na ito ang tamang pagkakataon para mag-ayuno. Pagkatapos ay tinatanong ko ang nanay at tatay ko kung tama ang nadarama ko.

Brooklyn R., edad 7, Auckland, New Zealand

Maaari kang magdasal sa Ama sa Langit para malaman mo kung kailan ka dapat magsimulang mag-ayuno. Alam kong masasagot ng Ama sa Langit ang iyong mga dalangin.

Liam P., edad 7, Utah, USA

Kapag nabinyagan na ako, palagay ko mararamdaman ko na handa na akong magsimulang mag-ayuno. Maaari akong humingi ng tulong sa Ama sa Langit sa panalangin at magtanong sa Kanya kung kailan at paano ako dapat magsimula.

Brian K., edad 7, Washington, USA

PAGLALARAWAN NI LAEL HENDERSON

Ni Elder Larry S. Kacher
Ng Pitumpu

Pagpapaningning ng Inyong Liwanag

Gusto kong ikuwento sa inyo ang dalawang batang babaeng kilala ko na maningning na halimbawa sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Noong halos walong taong gulang na ang anak naming si Nellie, nakatira ang aming pamilya sa Switzerland. Sabik na siyang mabinyagan. Bago sumapit ang kanyang kaarawan, nagdaos kami ng family home evening kasama ang kaibigan naming si Tina. Tinuruan na ng mga missionary si Tina. Pero hindi niya tiyak kung gusto niyang magpabinyag.

Pagkatapos ng lesson namin si Tina ang pinagdasal namin. Hindi gaanong marunong magsalita ng Ingles si Tina, kaya nagdasal siya sa Chinese. Hindi namin naunawaan ang mga sinabi niya, pero nadama namin ang Espiritu nang magdasal siya.

Kalaunan nang gabing iyon itinanong ni Nellie kung puwede silang magpabinyag ni Tina sa iisang araw. Hindi namin alam kung ano ang damdamin ni Tina tungkol sa ideyang iyon. Pero napagkasunduan naming lahat na dapat ay tawagan at tanungin man lang ni Nellie si Tina. Laking gulat namin nang pumayag si Tina!

Bininyagan sina Nellie at Tina sa katapusan ng linggong iyon. Kalaunan, nagbahagi sa amin si Tina ng isang magandang kuwento. Ipinaalala niya sa amin ang panalangin niya sa family home evening namin. Sa kanyang panalangin hiniling niya sa Ama sa Langit na ipaalam sa kanya kung dapat siyang magpabinyag. Nang tumawag si Nellie kalaunan noong gabing iyon, nalaman ni Tina na dininig ng Ama sa Langit ang kanyang panalangin.

Ang kaibigan naming si Jasmine ay isang mabuting halimbawa rin sa amin. Si Jasmine ay 12 taong gulang. Naging mabuting kaibigan namin ang pamilya niya nang tumira kami sa Middle East. Sa kanyang bayan, hindi puwedeng banggitin ng mga miyembro ng Simbahan ang ebanghelyo sa iba. Labag sa batas iyon. Ngunit nagpasiya si Jasmine na maaari siyang magbahagi ng ebanghelyo sa paggawa ng ginawa ni Jesus. Maaari siyang magpakita ng pagmamahal at kabaitan sa iba. Saanman magpunta si Jasmine o anuman ang gawin niya, sinikap niyang tularan si Jesus. Napakabuti niyang halimbawa sa iba.

Ipinapakita sa atin nina Nellie at Jasmine kung paano tayo magiging mga halimbawa ni Jesucristo. Magagawa natin ito anuman ang edad natin o saanman tayo nakatira. ■

Ang Mahiwagang PITAKA

PAGLALARAWAN NI MARYN ROOS

Ni Amanda Waters

Batay sa tunay na buhay

*“Tamang landas ay piliin, ligaya ay kakamtin” (*Aklat ng mga Awit Pambata, *82).*

“Taya ka!” sabi ni Mandy. Tinapik niya ang nakababatang kapatid at saka lumangoy palayo. Nanirahan ang pamilya ni Mandy sa isang motel hanggang makalipat sila sa bago nilang tahanan. Masayang kumain ng ravioli na pinainit sa microwave para sa tanghalian. At halos araw-araw silang nakakalangoy sa pool ng motel!

Pero may isang hindi maganda sa motel. Ang opisina ng manager ng motel ay nasa ilalim mismo ng kuwarto nila, at masyadong naiingayan ang manager kay Mandy at sa kanyang mga kapatid. “Paano ko mapapaupahan ang mga kuwarto kung parang may kawan ng mga elepante sa ulunan ko?” tanong niya kay Itay.

Pagkatapos ng tanghalian tumalon ang nakababatang kapatid ni Mandy na si Aaron mula sa kama at bumagsak sa sahig nang may *kalabog*. Napangiwi si Mandy at tumingala kay Inay.

“Walang tatalon. Patingkayad ang lakad,” sabi ni Inay.

Pero huli na ang lahat. Tumunog ang telepono.

“Naku,” naisip ni Mandy.

Dinampot ni Inay ang telepono. Naririnig ni Mandy ang paghingi nito ng paumanhin sa manager.

Laylay ang mga balikat ni Inay pagkababa niya ng telepono. “Edward at Mandy,” sabi niya, “kailangan kong patulugin sina Aaron at Emily. Puwede ba ninyong samahan sina Kristine at Daniel na maglakad-lakad?”

Nang patawid na sila sa paradahan ng motel, may nakita si Mandy na maliit at kulay-brown na bagay si Mandy sa lupa.

Isang pitaka. At may pera!

“Tingnan mo, Edward!” sabi niya, habang itinataas ang pitaka.

“Kailangan nating dalhin ito kaagad sa opisina ng manager,” sabi ni Edward.

Kinabahan si Mandy. Bakit kailangan nilang dalhin iyon ngayon mismo? Hindi ba puwedeng si Inay o si Itay ang magbalik nito mamaya?

Pero alam ni Mandy ang tamang gawin.

Binuksan ng mga bata ang pintuan ng opisina at nahihiyang pumasok. Sumimangot ang manager. “Um, nakita po namin ang pitakang ito sa paradahan,” sabi ni Mandy. Nanginginig ang kamay niya nang ipatong niya ang pitaka sa mesa.

Isang lalaking nakatayo sa tabi ng mesa ang tumingin. “Akin ’yan,” sabi nito. Agad niyang tiningnan ang loob ng pitaka. “At walang nawala. Salamat, mga bata!”

Tumingin si Mandy sa manager. Hindi na ito nakasimangot, at nagniningning ang mga mata nito.

Nang lisanin nila ang opisina, itinanong ni Daniel, “Mahiwaga ba ang pitakang iyon?”

“Bakit mo naisip na mahiwaga iyon?” tanong ni Edward.

“Kasi napasaya nito ang sumpunging lalaki!”

Umiling si Edward. “Hindi mahiwaga ang pitaka,” sabi niya. “Masaya siya kasi ginawa natin ang tama.”

Maganda ang pakiramdam ni Mandy. Hindi niya akalain na ang pagpili ng tama ay masyadong magpapasaya sa tao.

Ilang araw pagkaraan, nagbayad ng bayarin sina Mandy at Itay para sa buong linggo. Nginitian ng manager si Mandy. Minsan lang ito tumawag simula nang matagpuan nila ang pitaka, at para lang sila pasalamatan sa pagiging matapat. Pakiramdam ni Mandy ay nagkaroon siya ng bagong kaibigan.

“Mahiwaga talaga ang pagpili ng tama,” naisip ni Mandy. Kumaway siya bilang pamamaalam, at kumaway rin ang manager. “At hindi naman pala siya sumpungin talaga.” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Nevada, USA.

Pagiging Matapat

Isang araw sa oras ng recess, may nakalaglag ng beinte-singko sentimos. Dinampot ko ito, at kahit gusto ko itong itago, ibinigay ko ito sa isa sa mga guro. Maganda ang pakiramdam ko dahil pinili ko ang tama. Nalaman ko na kung may matagpuan kang isang bagay na hindi iyo, at kahit gusto mo ito, huwag itong itago, dahil pagnanakaw iyon.

Tyler B., edad 7, Oregon, USA

Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ano ang family council?

Ang family council ay isang pagpupulong na maaaring idaos anumang araw ng linggo. Maaaring gawin ito na ikaw lang at isang magulang o ang buong pamilya mo ang kasama. Ito ang oras na magagawa mong . . .

MGA PAGLALARAWAN NI SHEYDA ABVABI

Kapag sinamahan ng panalangin, maaanyayahan ng family council ang presensya ng Tagapagligtas sa inyong tahanan. Matutulungan nito ang inyong pamilya na maging masaya.

Mula sa "Mga Family Council," Liahona, *Mayo 2016, 63-65.*

Kirtland at ang Word of Wisdom

Gupitin ang mga figure o larawang ito para tulungan kang ibahagi ang mga kuwento ng kasaysayan ng Simbahan!



Nang manirahan ang mga naunang Banal sa Kirtland, Ohio, sinabi ng Panginoon sa kanila na magtayo ng templo. (Basahin kung ano ang nangyari matapos ilaan ang templo sa D at T 110.) Sinabi rin ng Panginoon kay Joseph Smith na magsimula ng isang paaralan para maturuan ang mga pinuno ng Simbahan tungkol sa ebanghelyo. Maraming lalaki sa paaralang ito ang naninigarilyo o ngumunguya ng tabako. Ayaw nina Joseph at Emma ang mausok at maruming tabako. Nang tanungin ni Joseph ang Panginoon kung ano ang kanyang gagawin tungkol dito, tinanggap niya ang paghahayag na tinatawag natin ngayon na Word of Wisdom. Maaari ninyong basahin ito sa D at T 89.

Hanapin ang iba pang mga figure sa kasaysayan ng Simbahan sa liahona.lds.org.

MGA PAGLALARAWAN NI BETH M WHITTAKER

Pinakain ni Jesus ang Maraming Tao

Ni Kim Webb Reid



Isang araw gustong mapag-isa ni Jesus. Sumakay siya sa isang barko at naglayag papunta sa isang tahimik na lugar. Hindi nagtagal maraming tao ang sumunod sa Kanya roon.

Tinuruan ni Jesus ang mga tao at pinagaling ang mga maysakit. Sa pagtatapos ng araw, lahat ay nagsimulang makaramdam ng gutom. Nais ng mga disipulo ni Jesus na paalisin Niya ang mga tao para bumili ng pagkain sa lungsod.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na pakainin ang mga tao para hindi na sila umalis. Ngunit mayroon lang limang tinapay at dalawang isda ang mga disipulo. Hindi iyon sapat para mapakain ang lahat.

Binasbasan ni Jesus ang pagkain at hinati-hati ang mga ito. Pagkatapos ay ipinasa ito ng mga disipulo sa mga tao. Sasapat kaya ang pagkain?

Libu-libong bata, babae, at lalaki ang kumain ng tinapay at isda. Pagkatapos nilang kumain, 12 basket pa ng pagkain ang natira! Isa itong himala. Nangyayari pa rin ang mga himala sa mundo ngayon! ■

Mula sa Mateo 14:13–21.

PAHINANG KUKULAYAN

Gusto Kong Basahin ang mga Banal na Kasulatan

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ni President J. Reuben Clark Jr. (1871–1961)
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

SILA SA HULING BAGON

Sa huling bagon na iyon may debosyon at katapatan at integridad at, higit sa lahat, pananampalataya sa mga Kapatid at sa kapangyarihan ng Diyos.

Nais kong magsalita tungkol sa huling bagon sa bawat isa sa mahahabang tren ng mga bagon na dahan-dahang naglakbay sa kapatagan. . . .

. . . Sa huling bagon sa likuran, hindi nila laging nakikita ang mga Kapatid na nasa harapan, at hindi nila madalas makita ang asul na langit dahil natatakpan ito ng makakapal na ulap ng alikabok sa daan. Subalit araw-araw, sila na nasa huling bagon ay patuloy na naglakbay, pagal at pagod, sugat-sugat ang mga paa, kung minsan ay halos mawalan na ng pag-asa, pinalakas ng kanilang pananampalataya na mahal sila ng Diyos, na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ay totoo, at na pinamumunuan at ginagabayan ng Panginoon ang mga Kapatid na nasa harapan. Kung minsan, sila na nasa huling bagon ay nasulyapan, nang isang saglit, kapag napakalakas ng kanilang pananampalataya, ang mga kaluwalhatian ng selestiyal na daigdig, ngunit tila napakalayo nito, at agad napawi ang pangitain dahil sa kasalatan at kapaguran at sakit ng kalooban at kung minsan ay lagi silang pinanghihinaan ng loob.

Nang maglaho ang pangitain, labis silang nalungkot. Ngunit muli silang nanalangin at nagpatuloy, nang walang pumupuri, na walang gaanong nanghihikayat, at walang humahanga. . . . Ngunit sa huling bagon na iyon may debosyon at katapatan at integridad at, higit sa lahat, pananampalataya sa mga Kapatid at sa kapangyarihan ng Diyos at kabutihan. . . .

Kaya't sa gitna ng alikabok at dumi, . . . dahan-dahan silang sumulong hanggang sa, pagdaan nila sa mga bangin patungo sa lambak, nagkaroon sila ng kapahingahan at tahanan. . . .

Ngunit daan-daan sa magigiting na kaluluwang ito na may matatag na pananampalataya at malaking kakayahan ang hindi pa nakatapos sa kanilang paglalakbay.

Muli silang tinawag ni Brother Brigham [Young] na maglingkod sa kaharian ng Diyos at pinatira sila sa mga lambak, sa malapit at sa malayo, sa malalawak na kabundukan kung saan sila nakahanap ng kanlungan. Kaya muli nilang nilagyan ng pamatok ang kanilang mga baka at itinali ang mga ito sa bagon, at . . . dahan-dahan silang naglakbay patungo sa mga bagong lambak, na muling nagtitiwala nang may lubos na pananampalataya sa karunungan at banal na patnubay ng kanilang Moises. . . .

At libu-libo sa sampu-sampung libong ito, mula noong una hanggang ngayon, na pawang hinirang ng Diyos, ang tumupad nang lubos sa kanilang abang tungkulin at sa kanilang tadhana na katulad ni Brother Brigham at ng iba pa, at gagantimpalaan sila ng Diyos. Sila ay ang mga pioneer sa salita at pag-iisip at gawa at pananampalataya, kahit na sila man ay nasa mas pinagpipitagang kalagayan. Ang pagtatatag ng mga pamayanang ito sa Salt Lake Valley at sa paligid nito ay hindi ginawa nang lihim ng iilang taong pinili kundi ng di-mabilang na mga tao na nagmula sa maraming bansa, na dumating at nagtrabaho at nagtayo, na tapat na tumalima sa kanilang mga pinuno na tinawag ng Diyos. . . .

Kaya sa mapagpakumbaba ngunit kahanga-hangang mga kaluluwa, . . . mapagpakumbaba kong ipinapahayag ang aking pagmamahal, paggalang, at mapitagang parangal. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1947, "To Them of the Last Wagon."

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

SA KANILA NA NASA HULING BAGON,
(CA. 1954), NI LYNN FAUSETT

Pinatatag ng kanilang pananampalataya kay Jesucristo, matapang na tinahak ng mga pioneer ang isang landas na nakilala kalaunan bilang Mormon Trail sa kanilang 1,000-milyang (1,600 km) paglalakbay patungong Salt Lake Valley. Hindi palaging nakikita ng mga nasa dulo ng grupo ng mga bagon ang kanilang mga lider, subalit buong katatagan silang nagpatuloy.

Kabilang Din sa Isyung Ito

PARA SA MGA YOUNG ADULT

ANG TANGING BAGAY NA NAGLIGTAS SA AKIN

Dumanas si Shuho ng diskriminasyon dahil sa lahi at pag-ayaw sa kanya ng mga tao ngunit natagpuan niya ang ebanghelyo at natuto siyang magtiwalang muli sa mga tao.

p. 44

PARA SA MGA KABATAAN

p. 50

MATATAG Buong Linggo

Paano ka matutulungan ng sakramento na maging matatag buong linggo.

PARA SA MGA BATA

Bahagi para sa mga Tanong

Kailan dapat magsimulang mag-ayuno ang mga bata?

p. 70

TAGALOG
4 02144 47893 4

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW